# *Katubusan Sa Kalubusan, Sa Galak*

Ako'y masaya sa gabing ito, uli, na batiin kayo sa Pangalan ng kaibig-ibig nating Panginoong Jesus, ang nabuhay na mag-uling Anak ng Diyos. At ang Presensya Niya ay narito na nang pumasok ako, kaya umaasa tayo na makakakita tayo ng buong sagana't, higit pa, "sa lahat ng maaari nating gawin o isipin," ngayong gabi, na ibubuhos ng Diyos sa atin, na mga pagpapala Niya, at lubos na magdadakila kay Jesus Cristo sa kalagitnaan natin.

2 Ako po'y dalawang gabi nang nangangaral. . .Nung Linggo ng gabi sa pagkakaalala ko'y nagkaroon tayo ng gawain para sa pagpapapagaling, at nung Lunes ng gabi ay nangaral naman ako. At nabanggit ko. . .May sinimulan na paksa, nung Linggo ng umaga sa tabernakulo. At naisip ko, na habang hinihintay natin ang madla na para bang maikumportable nila ang sarili nila nang kaunti, na haya't ako'y maglalahad lang nang aking nararamdaman. Ako'y. . .

3 Isa sa mga araw na ito kung loobin ng Diyos, at tulungan ako, gusto ko po sanang magdaos ng ilang malakihang gawain na di ka—di ka na. . .di ka lang basta dadako't mangangaral o magtuturo sa Kasulatan, at magtatawag ng pagdulog sa altar, at bababa sa altar at mananalangin sa mga tao, at gaya nga ng ginagawa namin nung araw na mga makalumang Baptist. [May nagsasabi, "Amen"—Pat.] Dalawang Baptist lang po yata ang narinig kong nagsabi ng, "Amen." Nasaan pa kaya ang iba, sa gabing ito?

May nagtanong dati, "Kapatid na Branham, Baptist po ba kayo?"

Sabi, "Oo," sabi ko.

4 Nangangaral ako rito sa Arkansas, nung isang beses. May isang lalaki, matandang lalaki, na gumaling. Siya nga'y. . .may ano sila. . .Isa siyang Nazarene. Ipinasan niya ang mga saklay niya sa likod niya, nung sumunod na araw, lumakad-lakad sa palibot ng siyudad, na may—may karatulang nakasabit doon, "Pinalaya ako ng Diyos mula rito, kagabi." At siya nga'y ganun na lamang kabaldado. Sa Little Rock po ito. At ganoon na ang kalagayan niya nang maraming taon. At kilala siya ng lahat, dahil madalas siyang naglilibot noon, at inilalapag pa nga niya ang sumbrero niya sa lapag, at nagbebenta ng mga lapis na nakalagay dun sa sumbrerong 'yun. At kilala nga siya ng lahat,

kaya 'yun ang nagpasimula nun, na maraming dakilang bagay ang napangyari sa siyudad na 'yun.

5 At mga dalawang gabi pagkatapos nun, ako'y nangangaral, at—at tumayo siya. Sabi niya, "Sandali lang po, Kapatid na Branham, makakaabala po ba ako sa inyo kung may itatanong lang ako na isang bagay?"

Sabi ko, "Hindi, naman."

6 At sabi niya, "Buweno," sabi niya, "nung—nung narinig kitang mangaral, ang pagkakaalam ko'y Nazarene ka." Sabi niya, "Tapos nakikita ko ang mga Pentecostal na narito, at may nakapagsabi sa akin na Pentecostal ka raw." Sabi niya, "Pero hetong narinig kitang sinasabi mo, kanina, na isa ka naman palang Baptist." Sabi niya, "Hindi ko maintindihan."

7 Sabi ko, "Buweno, ganitong kasimple lang 'yan. Isa akong Pentecostal Nazarene Baptist. Tama. Tama. Tayo lang naman ay. . . sa paniniwala.

8 Oh, mga kaibigan, di po ako kaanib sa anumang iglesyang denominasyon, at sa kabila n'yan ay ako'y kabilang sa bawat isa sa kanila. Nung magpasimula po ako rito, ang sabi ko, "Si Cristo ang aking ulo. Ang Biblia ang aking aklat. At ang mundo ang aking simbahan." Kaya naman, 'yan—'yan ang sinisikap ko na mapanatili hanggang sa ako'y mamatay.

9 Ngayon, sa loob ng isang gabi o dalawa, sisikapin natin na magpasimula ng gawain ng pagpapagaling uli, kapag dumako na tayo. . . Mangyaring, nakikita natin itong mga latag at mga stretcher na nakalapag dito sa paligid, may bagay po ako na nais kong makita. Ako'y may marubdob na pag-aasam para sa isang bagay na mangyari rito sa Louisville, Kentucky, dahil ito po ang bayang tinubuan ko.

10 Ako nga'y di pa nagkakaroon ng mainam, na masasabi n'yo na mainam na pagtitipon, dito sa Kentucky. At di ko naman sinasabi 'yan na parang nagpapatama. Ako—ako'y marami na ring pagtitipon na di kainaman, sa maraming lugar. Pero, ang tinutukoy ko, ay dito mismo sa sarili kong bayan, napaka hirap nga po. Ako. . . napaka hirap na basagin nito. Di ko alam kung bakit. Pero sa palagay ko dahil sinabi rin 'yun ni Jesus, "Sa sarili mong lupain," at ganoon nga ang mangyayari, 'yun siguro talaga ang—ang pamamaraan nun. Pero hayan nga't di tuloy tayo nakakakita ng marami-rami't bukod-tanging mga himala.

11 Nagkaroon ako ng gawain dito, mga isang taon o dalawang taon na ang nakalipas, dito sa Jeffersonville, pero mangyaring 'yung babae ay taga-rito sa Kentucky kung saan. Naging yeso na siya, halos, mula sa mga binti niya pababa; o sa balakang niya pababa sa mga binti niya, ang ibig kong sabihin. At di siya—di siya nakalalakad nang labimpitong taon. Marami sa inyo ang naroon nung gabing 'yun, at naalala ang kaso na 'yun. At siya

nga'y nakatayo at lumabas na naglalakad sa tabernakulo, na normal na.

12 Ngayon, gustung-gusto ko talaga na magpasimula ng ganun dito sa Louisville, na makakakita ako ng makalumang rebaybal na lalaganap sa nakabibighaning malaking siyudad na ito rito.

13 Ito nga po'y isang siyudad na katulad ng lahat ng iba pang siyudad; kung sa pasamaan lang ay kapantay talaga ng iba pa. Alam n'yo na totoo 'yan. Di ko sinasaktan ang Kentucky; dahil, ako'y taga-Kentucky, rin naman. Buweno. Pero 'yan—'yan po talaga ang katotohanan. Ito'y masama. Tahanan ito ng lahat ng mga wiski at pagawaan ng alak, at mga masasamang bagay at lahat na, kagaya, ng nangyayari mismo sa palibot ng Louisville, Kentucky rito, kaya ang lugar na ito'y talagang luklukan ni Satanas.

14 Pero magagawa nating basagin ito para magpira-piraso sa pamamagitan ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo, kung tayo lamang ay maglalakip-lakip na magkakasama. Siyanga. Kinakailangan nating paglakipin ang ating mga kapangyarihan na magsama-sama't mariing umusad.

15 Medyo may katagalan na rin, may isang sikat na sikat na ebanghelista sa bansang ito, ang sabi, may sinasabi nga siya patungkol sa mga gawain sa dakong ito. Sabi niya, "Buweno, ito nga ang kundisyon." Sabi niya, "Kapag may pinupuntahan kasi akong siyudad, ang lahat sa buong bansa'y kinakailangang itaguyod ang mga pagtitipon ko o hindi ako pupunta." Ganoon po raw. Buweno, isipin n'yo. Sa palagay ko may nasa animnapu o pitumpung naglalakihang kaiglesyahan ng Baptist dito sa Louisville. Kita n'yo? Papaano pa ang Methodist? At Methodist na bayan po ito; nandito nga ang Asbury. Gaanong karami ang makukuhang suporta ng lalaking ito kapag magpupunta siya sa siyudad na ito, sa bilang pa lamang ng mga Methodist at mga Baptist, di pa kasama riyan ang Presbyterian at lahat na?

16 Ngayon ilan po ang mga full-Gospel na kaiglesyahan dito sa siyudad? May dalawa o tatlong maliliit na pagmimisyon dito kung saan, may maliliit na mga simbahan, dito at doon, at sila nga'y di magkasundo sa isa't isa.

17 Kaya kung magpupunta ka, kinakailangan mong tumayo sa kapangyarihan ng iyong pagmi-ministeryo. Ganoon nga. At maging 'yung. . .ang lahat kasi'y parang pulitika na masyado ang nagpapakilos. Kaya kinakailangan na sa kapangyarihan ng iyong pagmi-ministeryo, doon ka huhugot sa kung anuman ang ipadala ng Panginoon. Ganoon ko nga ito nais. Kapatid, kung di si Jesus Cristo ang dahilan ng aking pananatili rito, at ang dahilan ng aking pananangan, kung ganoon wala na akong iba na papananganan pa. Tama. Siya. . .Kay Cristo, sa matatag na Bato, ako nakatayo; ang lahat ng iba pang tayo, ay buhanging gumuguho, sa akin. Mas nanaisin ko pang mangaral sa lilimang

tao na alam kong isinugo ako ng Diyos para mapakinggan nila ang Mensahe, kaysa sa mangaral sa sampung libo na hinatak lang dun dahil sa pamumulitika. Tama.

18 Mas nanaisin ko pang makakita ng isa ngang makalumang pagbabalik-loob, na luluhod dun sa may altar at iiyak at tunay na hahagulgol, kaysa sa makakita ng sampung libo na tatayo, at basta na lang magsasabi, "Buweno, masubukan ko nga Ito." Masubukan Ito? Di Siya isang Cristo na sige't masubukan lang. Siya yaong Isa na kinakailangang tanggapin. Sa mabuhay o mamatay, sa malubog o malunod, tanggapin n'yo Siya mismo ano't anuman. Ganoon nga.

19 Kung mananalangin nga ako, makapanalangin sa sampung libong tao sa gabing ito, at sila'y mamamatay lahat sa umaga; bukas ng gabi ako pa ri'y babalik dito para manalangin para sa mga maysakit, sinasampalatayanan na ang Salita ng Diyos ay tama. Siyanga.

20 Kung ako nga'y mamamatay na; at may limang libong tao na sandaang taon nang patay, at lumagi sa Walang Hanggan nang matagal-tagal na rin, na sila'y babangon uli at paparito sa lupa, at sasabihin, "Kapatid na Branham, huwag na huwag mo Itong pagkatiwalaan. Hindi Siya tama. Huwag na huwag mo Itong pagkatiwalaan. Kami'y—kami'y nagtiwala sa Kanya, pero heto; kami'y nabigo."

21 Sasabihin ko pa rin, "Hayaan n'yong mamatay ako kay Jesus Cristo." Siyanga. Sinasampalatayanan ko Ito. At buong puso ko mismo ito, ang lahat ay nakalagak Doon. At akin nga Itong sinasampalatayanan nang buong puso ko, at nananangan talaga ako sa Kanya.

22 At minamahal ko ang Kanyang bayan. Minamahal ko kayo, mga kapwa mamamayan sa Kaharian ng Diyos. At ninanais ko talagang tumayo kasama kayo ng balikat-sa-balikat, at dalhin ang pasanin.

23 Ngayon, sa gabing ito; nabanggit ko na, kagabi, ako po'y mangungusap nang kaunti sa gabing ito, loobin ng Panginoon. Ayaw ko pong panatilihin kayo nang matagal, pagurin kayo, dahil tayo'y may inaasam na . . .

24 May sa kung anong balat ng lana akong isinagawa sa harap ng Panginoon para sa pagtitipong ito. At umaasa nga ako na ang Diyos ay may gagawin na kung anong bagay na siyang magpapasimula para gumulong ang pagtitipon dito sa siyudad. Kayo po'y sadyang manalangin lamang, gawin n'yo ang bahagi n'yo; pagkatapos, kapag dumating na ang Paghatol, lahat tayo ay makatatayo at masasabi natin na nagawa natin ang bahagi natin.

25 Sa ika-20 kabanata ng Exodo, haya't simulan natin sa ika-7 talata, nais ko pong makapangusap nang kaunting sandali, kung loobin ng Diyos, sa isang napaka . . . buweno, sasabihin ko

nga na, di ganoong kabukod-tanging paksa, pero isang—isang mainam na paksa. Nung nakaraang Linggo, sa Sunday school sa tabernakulo sa Jeffersonville, tayo nga'y nagpasimula, sa, "pagtutubos sa pamamagitan ng Dugo."

26 At heto nga ang sinisikap kong gawin, kung gusto n'yong malaman kung bakit ginagawa ko ito rito. Marami sa inyo ang nagsasabi na di n'yo pa ako nakikitang nangangaral sa isang malakihang gawain para sa pagpapagaling, pero may dahilan po 'yan. Sa tingin ko po kasi, kung makukuha ko lamang ang mga kaluluwa na magpakababa't lumapit sa altar, sa ganun ay makasusumpong ako ng kaluguran sa Diyos para sa Louisvile, ganoon nga, kapag ang mga tao'y magpapakababang lubos sa harap ng Diyos at mananalangin.

27 At, mangyaring, marami nga sa inyo, mga kaibigan, ang nananalangin, nag-aayuno, at takot naman na panghawakan ang bagay na ipinapanalangin n'yo. Ganoon nga. Kita n'yo? Buweno, walang mabuting maidudulot sa inyo kung ganyan ang pag-aayuno't pananalangin, maliban na lang na lalakipan n'yo ito ng mga gawa. Kahit lahat ng pananampalataya n'yo, sa buong mundo, ay walang maidudulot maski katiting na mabuti maliban na lang kung hahakbang kayo sa dakong 'yan palabas, at makikipagtuos nang harap-harapan talaga rito, at inyo itong kukunin. Ganoon nga. Kinakailangan n'yong sumulong. Dapat lang kayong humakbang palabas sa dakong 'yun at gawin ito, ano't anuman. Kung may bagay kayong hinihingi, magpunta kayo at kunin ito. Sinabi ng Diyos na sa inyo ito, kaya huwag kayong mananangan sa bahala na kung ano na lang ang meron. Kunin n'yo mismo 'yung hinihingi n'yo. Gawin n'yo 'yun, at makikita n'yo kung ano ang magiging resulta. Tama. Huwag—huwag kayong aatras at sasabihin, "Buweno, kukunin ko't ayos na sa akin kahit pangalawa na lang."

28 Aba'y kunin n'yo po ang pang-una. Ipinangako sa akin ng Diyos, ang pang-una, at 'yun ang bagay na asam ko. At sa loob ng dalawampu't tatlong taon na ito na pinaglilingkuran ko Siya, Kanyang ibinibigay sa akin mismo ang pang-una. At ako. . . At basta't nananatili akong nananampalataya sa Kanya at iniibig Siya, at Kanya akong iniibig, ganoon na ganoon ang maipangyayari dahil Siya ay obligado sa Kanyang Salita. "Ano mang bagay na inyong inaasam, sa inyong pananalangin, inyo lamang itong sampalatayanan na inyo itong matatanggap, at inyo itong kakamtin." Ganoon mismo ang sinabi Niya. Tama po ba 'yun? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Mainam kung ganoon. Sige.

29 Gustung-gusto ko ngang naririnig kayo na nagsasabi ng, "Amen." Alam mo ba, Kapatid na Babaing Hoover, ang ibig sabihin ng *amen* ay "siya nawa," sa akin, alam n'yo. At kung ako—kung ako nga'y nangungusap, tapos di ako nakakarinig ng "amen," ako—ako nga'y nagtataka.

30 Dito nga di pa katagalan nung ako'y nangangaral sa isang maliit na simbahan, at—at ako nga'y. . . Oh, ako nga'y walang masyadong kapinuhan sa pulpito, ayon sa, sa palagay ko, sa teolohiya ng panahong ito, kaya sa palagay ko nagiging medyo magaspang ako. At sa pagkakaalala ko nagpatalon-talon pa ako sa entablado ng pulpito, nang *paganoon*, at sinunggaban ko nang husto 'yung mikropono sa kamay ko, at naupo roon, at 'yung mga paa ko'y umuugoy-ugoy, talagang puspusan ako sa pangangaral sa abot ng makakaya ko. Tapos nung bumalik ako sa sarili ko; di ko alam ang ginagawa ko. Pagkatapos ng ilang minuto lang, nawala uli ako, at natagpuan ko ang sarili ko na nasa gitna mismo ng daanan ng mga tagapakinig, inililis ko pataas ang binti ng pantalon ko. Di ko alam kung bakit, pero ako nga'y talagang. . . May pagnanais ako na manatili roon ng kaunting sandali. Isa nga 'yung bagay na gusto kong sabihin. Isang dako 'yun na may kasiguraduhan ako na nagtatamasa talaga ako ng kagalakan sa sarili ko. Nanatili ang pakiramdam na 'yun sa akin kahit ilang araw na ang lumipas.

31 May isang lalaking lumapit sa akin, at sabi niya, "Sabihin mo nga," sabi niya, "papaano ka nakakapangaral, samantalang lahat silang mga tao roon ay sumisigaw ng, 'Amen'?"

Sabi ko, "Yun ang nagbubunsod sa akin na mangaral." Oo.

32 May matandang aso po ako dati. Nangangaso po kasi ako ng racoon. Sa palagay ko marami akong kaibigan na mga taga-Kentucky rito na gustung-gusto ring mangaso ng racoon. Kaya mangyaring. . . At hayan nga ang aso ko na talagang hinahabol niya ang kahit ano hanggang sa magsi-akyat ang mga 'yun sa puno, at talagang sinusukol niya ito, maliban sa skunk; at 'yun lang ang di niya pinapakailaman. Ngayon, hahabulin nga niya 'yun hanggang sa sumuot 'yun sa ilalim ng palumpong. At ang tanging bagay na gagawin ko, dahil ayaw kong sumuot dun para tugisin 'yun, sigurado po ako. Kaya ang tanging bagay na gagawin ko, ay iaangat ko 'yung mga palumpong, at tatapikin ko 'yung aso ko't sisigaw ako, "Kunin mo siya, bantay! Kunin mo siya!" At kaya susugurin niya 'yung skunk.

33 Ngayon ang pinaka matinding skunk na nalalaman ko ay itong diyablo. At kung gusto n'yong tumapik-tapik, sumigaw lang po kayo ng "amen" paminsan-minsan. At ako—ako. . . Atin siyang susukulin, pagkatapos ng ilang sandali, at makukuha natin siya. Kita n'yo?

34 Kilala n'yo, si matandang Buddy Robinson, marami sa inyo ang may kilala sa kanya. Di po ba? Dito sa iglesyang Nazarene. Sabi niya, "Panginoon," sabi, "Iyo pong pagkalooban ako ng gulugod na kasing laki ng troso. Iyo pong pagkalooban ako ng maraming kaalaman sa dulong kaibuturan ng aking kaluluwa. At Iyo po akong tulutan na sagupain ang diyablo maski iisa na lang ang natitira kong ngipin, at kakagatin ko siya maski ng

gilagid ko na lang hanggang sa mamatay ako." At sa tingin ko isa nga 'yung. . . At ganoon mismo ang ginawa niya. Ganoon na ganoon mismo ang ginawa niya; lampas, na halos ng sangdaang taong gulang, at nangangaral pa rin ng Ebanghelyo.

35 Nakakapakinig pa rin ako ng mga matatandang beterano na nangangaral pa rin mapasa hanggang ngayon. Nung isang araw lang, tamang-tama nga na binuksan ko ang radyo, at may matandang kapatid na lalaki dun, na nagngangalang Mordecai F. Ham, halos sangdaang taong gulang na, nangangaral pa rin ng Ebanghelyo. Sabi ko, "Diyos, Iyo pong pagpalain siya, at siya nawa'y magkamit ng mga bituwin sa kanyang putong sa pagpunta niya sa Dakong 'yan." Si Kapatid na Ham, di ko nga siya masyadong ganung kakilala. Isa sa mga araw na ito gusto kong makatagpo siya bago siya lumiban doon, sa Lupain. At, mangyaring, marami siyang makakamayan sa Dakong 'yun. Alam ko na marami siyang makakamayan sa pagpunta niya sa Dakong 'yun, oh, dahil naging isang matandang beterano siya.

36 Pagpalain nga kayo ng Panginoon ngayon. At ngayon, bago tayo dumako sa Salita, tayo'y humiling lamang sa May-akda na bumaba't ihayag Ito sa atin.

37 Aming mabuting Makalangit na Ama, kami'y dumudulog sa Iyo, sa gabing ito, sa kaibig-ibig, kahanga-hangang Pangalan ng Iyong Anak, na si Jesus; na inihahayag namin ang aming mga pagkakasala, na kami nga'y di karapat-dapat na sambitin man lang ang banal Niyang Pangalan. Dahil sa. . . Ang lahat ng pamilya sa Langit ay pinangalanang "Jesus." Ang lahat ng pamilya sa lupa ay pinangalanang "Jesus." At sa Pangalan na 'yan bawat tuhod ay luluhod, at bawat dila ay magpapahayag Dito, maski makasalanan man o banal. Kaya naman, sa aming pagsambit sa Pangalan Niya, ganun na lamang ang panginginig ng aming mga puso, sa pagpipitagan, habang aming sinasambit ito. Kaya hinihiling po namin sa Kanyang Pangalan, nang may pagpipitagan, na Ikaw nawa'y dumating sa amin sa gabing ito, Panginoon.

38 Narito po kami sa gitna ng malaking siyudad na ito, na haya't narito na ang lahat ng klase ng patibong ni Satanas na siyang tumali sa mga tao, sa kanilang mga negosyo, sa kanyang pagsusugal, at prostitusyon, wiski, at sigarilyo. At, Oh Diyos, mangyari rin na napaka raming mangangaral, sa pulpito, ang pinalalampas lang ang bagay na ito na para bang mga normal na bagay lang ang mga ito.

39 Pero, Diyos, Iyo pong ibigay sa amin ang tinig ng babala, na maipangaral namin ang Ebanghelyo nang tuwid at totoo, maiumang ang palakol sa ugat ng puno, hayaang mahulog ang mga piraso sa kung saan dapat sila lumagak. Mangyari ngang tulungan Mo kami, Panginoon, na magpataw ng kahatulan sa

mga bagay na gaya nito, at ipangaral ang Ebanghelyo ng Iyong pinaka mamahal na Anak, na si Jesus.

40 Diyos, Ikaw nga'y magkaloob ng isang bagay na maganap na magliliglig sa siyudad na ito para sa Kaharian ng Diyos. Na, maging 'yung mga kaiglesyahan, na mga nasa liblib na dako, na kakaunti man ang miyembro, Oh Diyos, nawa ang mga iglesya na ito ay mapuno at masiksik ng mainam, makalumang, banal na mga tao, na ipinanganak na muli. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. At nawa kami'y makatanggap ng rebaybal, isang makalumang, rebaybal na Diyos mismo ang magpapadala na talagang liligligin nang husto ang siyudad sa isang dako tungo sa isa pa, na aalisin ang lahat ng kasamaan. Oh Diyos, huwag Mo po kaming bigyan ng sobra sa habang pagtitipon. Iyo pong pagkalooban kami ng tamang-tamang rebaybal na talagang magsasara ng mga tindahan ng alak, at talagang isasaayos ang lahat ng bagay sa tama nilang kaayusan; at magbubunsod sa mga tao na sila'y magsidako, sa pagtunog na pagtunog pa lang ng kampana ng simbahan, at magsidulog sa may altar at sila'y manalangin bago mismo ang pagme-mensahe ng pastor, at sila nga'y maging handa. Diyos, maipagkaloob nawa ito.

41 Ngayon, sa gabing ito, marahil may mga maysakit po rito, Ama. At samantalang nangungusap kami patungkol sa mga maysakit, o para sa mga maysakit, hayan ngang, ang Espiritu Santo nawa'y pagalingin ang bawat isang maysakit sa gusaling ito. Iyo pong iligtas ang bawat makasalanan. Tawagin pabalik, sa tahanan, ang bawat tumalikod sa pananampalataya mula sa kanyang pinagkalihisan.

42 At ngayon nawa ang Espiritu Santo ang Siyang gumabay sa akin sa paksang ito, ngayong gabi. At nawa'y Kanyang kunin ang mga bagay ng Diyos at sadyang gamitin lang ang Kanyang lingkod dito bilang instrumento, at nawa mauwi sa Diyos ang lahat ng kaluwalhatian. Sapagkat hinihiling po namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

43 Sa ika-7 talata ng ika-20 kabanata ng—ng Mga Bilang, atin pong mababasa ito.

> *At sinalita ng* PANGINOON *kay Moises, na sinasabi,*
>
> *Hawakan mo ang tungkod, at pisanin mo ang kapisanan, pisanin mo, at ni Aaron na iyong kapatid, . . . magsalita ka* sa *bato sa harap ng kanilang mga mata; at* ibibigay *niyaon ang kaniyang tubig, . . .*

44 Gusto ko pong pagtuunan n'yo ng pansin itong, "Kanyang" tubig.

> . . . ibibigay *niyaon ang Kaniyang tubig, at* ikukuha *mo sila ng tubig sa bato: sa* ganito *paiinumin mo ang kapisanan at ang kanilang mga hayop.*

*At kinuha ni Moises ang tungkod sa harap ng* P*ANGINOON, na gaya ng iniutos sa kaniya.*

*At pinisan ni Moises at ni Aaron ang kapulungan sa harap ng bato, at kaniyang sinabi sa kanila, Makinig . . . kayo na mga mapanghimagsik; ikukuha ba namin kayo ng tubig* sa *bato?*

*At itinaas ni Moises ang kaniyang kamay, at pinalong makalawa ang bato ng kaniyang tungkod: at ang* mga tubig *ay lumabas na sagana, at ang kapisanan ay uminom, at ang kanilang mga hayop.*

45 Nawa'y kunin ng Panginoon ang kaunting mga Salitang ito ngayon, habang binabalikan natin ang ating paksa nung isang gabi at idudugtong dito, loobin ng Diyos.

46 At ngayon, nais ko na ang lahat ng maysakit sa dako rito, ngayong gabi . . . Ngayon, hindi po namigay ng mga prayer card si Billy ngayon, dahil sinabi ko sa kanya na huwag mamigay. Sabi ko, "Sige't pumunta ka roon, Billy, at sabihin kay Kapatid na Cauble. At hayaan lang na ako . . . "

47 Ako nga'y may sinisikap na bagay, para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sadya ngang hinihiling sa Diyos na tulungan tayo, na pagkalooban tayo ng mga kaluluwa para sa Kaharian; at mga mananampalataya na paiigtingin pa ang pananampalataya nila nang lubos, at susulong, kahit na walang anong bagay, sadya ngang susulong at magsasabi, "Diyos, sinasampalatayanan po Kita, sa Salita." Ganoon nga. Yan ang pangunahin, at unang-una, at pinaka mainam na paraan. Siyanga. Panghawakan ang Diyos sa Kanyang Salita. Mangyaring, kung di n'yo magawa 'yan, hayan nga, na tunay, magpapadala ang Diyos ng ibang bagay, katulad ng mga kaloob at mga tanda, para—para patotohanan ang Kanyang Salita, patotohanan Ito sa bawat mananampalataya.

Ngayon, nung Linggo, tinalakay natin ang, "katubusan sa pamamagitan ng Dugo."

48 Tinatalakay natin ang Israel ngayon, sa paglalakbay nila, sa paglabas nila ng Egipto, na tipo ng sanlibutan, sa kanilang pagtungo sa Palestina, ang lupang pangako. Sa palagay ko'y napaka gandang bagay nito. Talagang gustung-gusto ko ito. Halos kada sanglinggo nga, umuupo ako at binabasa ko 'yun sa Aklat ng Exodo, kung makakaya ko, o sa abot ng makakaya ko na basahin doon. Gustung-gusto ko 'yun dahil ganap na tipo 'yun ng iglesya sa panahon ngayon, sa kalagayan nito, at kung papaanong kumikilos ang Diyos. Kumilos noon, kung ano ang ikinilos Niya sa natural nung panahon na 'yun noon, Kanya ngang ikinikilos 'yun sa espirituwal ngayon. Nakita n'yo?

49 Ngayon, doon nga'y pinangunahan Niya noon ang Israel, sa natural, na kanilang nakita, natunghayan, inilabas sila sa isang naturang lupain papunta sa isa pang natural na lupain.

50 Ngayon tayo ay pinakilos ng Espiritu Santo, na magpunta ngayon sa Lupang pangako. Naniniwala ba kayo na tayo'y papunta na sa Lupang pangako? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] "Sa bahay ng Aking Ama'y maraming tahanan. Kung di gayon, ay sinabi Ko sana sa inyo. Ako'y paroroon at ipaghahanda kayo ng dakong kalalagyan." Tama ba? ["Amen."] Ngayon tayo nga'y may Lupang pangako na pupuntahan natin, at bawat araw ay may tinatayong palatandaan ng lakbayin; isa na namang araw, panibagong palatandaan ng lakbayin.

51 At may malaki't maitim na anino na naroon sa ibayo roon sa harap natin, na tinatawag na kamatayan. At bawat sandali na pumipintig ang ating puso, palapit tayo nang palapit doon. Isa sa mga araw na ito, ipipintig na nito ang pinaka huli nito, at tayo'y paroroon na. Kaya naman ninanais ko na sa panahong laan sa akin, magawa ko ang maiaambag ko; kung papaanong umaasa ako na ganoon din ang gagawin ng bawat isa sa inyo, ngayong gabi. Yamang nababatid ko na naroon lang 'yun sa harap ko, at kakatagpuin ko talaga 'yun, ayaw ko pong maging duwag. Gusto kong mabalot ang aking sarili sa balabal ng Kanyang katuwiran, lumalakad papalapit, na may kabatiran ako, na ako'y nakakasigurado mismo na napagkikilala ko Siya sa Kapangyarihan ng pagkabuhay Niyang mag-uli. Tama. Na, kapag tumawag na Siya sa mga patay, ako nga'y matatawag kasama nila na mga buhay. Ang Diyos ay Diyos ng mga buhay.

52 Ngayon, sa paglalakbay nila sa lupaing ito, nakita natin na ang Diyos ay may ginawang—may ginawang plano para sa kanila. Siya'y nagbunsod ng pagkatubos, sa pamamagitan ng dugo. Pagkatapos, nasumpungan natin, na Siya'y nagbunsod ng katubusan, uli, sa pamamagitan ng kapangyarihan.

53 Nalaman natin, nung isang gabi bago itong huli, na Kanya ngang ipinahid ang dugo; na isang napaka gandang tipo ng mananampalataya, na, sa kanyang pagtanggap sa kamatayan ni Cristo sa halip na sarili niya, hayan nga't siya'y naging anak mismo ng Diyos. Siya'y nagpapasimula na sa lakbayin niya.

54 Ngayon, ang kasunod na bagay nga pagkatapos na kanyang makamit ang . . . matapos na siya'y maligtas, sa espirituwal.

55 Ngayon, ang kamatayan nung kordero na walang sala ay naglaan ng buhay para sa mananampalataya na may sala. Di po ba't ganap na tipo 'yan ngayon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ang kamatayan ng Walang Sala, naglalaan ng Buhay para sa may sala. At ang kamatayan ni Cristo na walang sala ay naglaan ng Buhay para sa atin na mga may sala.

56 Ngayon, unang-una, hayan nga, matapos na pagkalooban sila ng Diyos ng buhay sa pamamagitan ng dugo, at ito'y mapatunayan, na nilampasan na sila ng kamatayan, Kanyang pinasimulan sila sa kanilang paglalakbay. Tatalakayin natin 'yang paglalakbay nila maya-maya.

57 Ngayon pansinin n'yo, hayan nga, ang kasunod na bagay na ginawa ng Diyos, nung sila'y naging mga mananampalataya na't mga anak, at tinanggap na ang Diyos, ang kaaway na pisikal na kamatayan ay hayan namang tumutugis sa kanila. At nagawa nga nitong sukulin sila, doon mismo; na sa isang gilid ay 'yung disyerto; Dagat na Pula sa kabila; mga kabundukan naman sa kabilang gilid; paparating na itong hukbo ni Faraon, tumutugis, milyon-milyong kawal na nagmamartsa't papalapit na, para gapiin sila.

58 Ngayon, ang Diyos nga'y naghayag sa kanila na Kanya na silang binigyan ng buhay, sa pamamagitan ng kamatayan ng kordero; ngayon Kanya namang ipapakita sa kanila ang pisikal na katubusan. Hallelujah! Nakita n'yo, sa pagliligtas at maging sa kagalingan din, kita n'yo, para sa natural na tao at maging sa espirituwal na tao.

59 Lumampas ang Anghel ng kamatayan, patunay lang na ang Diyos ay may laang paraan para makaalpas, sa pamamagitan ng paghahandog ng dugo, at kanila itong tinanggap. Ngayon Siya nga'y maglalaan ng madaraanan para makaalpas sa isang pisikal na kamatayan.

60 Kagaya sa mananampalataya, nung siya'y iniligtas. Marahil kinain na siya ng kanser, o ng kung anong sakit. Ang Diyos ay may katubusan, din, sa pamamagitan ng kapangyarihan. Kung papaanong may katubusan Siya para sa kaluluwa, Siya rin ay may katubusan para sa katawan. Isa 'yung . . .

61 Sila nga'y ligtas, at sila'y tuli pa nga. Sila'y nasa ilalim ng dugo, pero, sa kabila nun, heto ang Faraon . . . Wawasakin na sana sila ng kaaway, papatayin na sana silang lahat dun sa ilang, pero ipinakita ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan ng pagtutubos sa kanilang katawan. Nakukuha n'yo ba? Alam n'yo po ba ang ipinapangusap ko rito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Katubusan sa pamamagitan ng kapangyarihan! At pagkatapos nung ang kaaway ay halos malapit na sa kanila, ang dakilang sobrenatural na Haliging Apoy ay pumailanlang sa ibabaw ng Israel, nagpunta sa ibabaw at tumayo sa pagitan nila at ng kamatayan.

62 Hayaan n'yong tumimo ito nang ilang minuto. Nakikita n'yo ba ang ipinapangusap ko rito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

63 Ngayon, sa bawat mananampalataya, na ipinanganak muli na anak ng Diyos, kapag dumarating ang kamatayan nang panakaw sa may pinto, nang wala pa sa oras, ang Anghel ng Diyos ay tumatayo sa pagitan n'yo at ng karamdaman. Ngayon, kung gusto n'yong sumalubong dun, nasa sa inyo na 'yan; pero di n'yo kailangang gawin 'yun. Kita n'yo? Siya kasi'y tumatayo sa pagitan n'yo at ng kamatayan.

64 Dalawampu't tatlong taon na ang nakararaan, sa Jewish Hospital po, tinaningan na ako noon ni Dr. Morris Fletcher ng tatlong oras na lang; isa sa pinaka magaling n'yong doktor dito sa siyudad, tinaningan na lang ako ng tatlong oras noon para mabuhay. Ako po'y buhay pa, ngayong gabi. Hallelujah! Bakit? Sa pamamagitan kasi ng biyaya bagamat ako'y di karapat-dapat, ang Anghel ng Diyos ay tumayo sa pagitan ko at nung kamatayan, para protektahan ako, at akin Itong tinanggap. At sa pagtanaw ko ng pasasalamat, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako nga'y nakaakay ng milyong mga kaluluwa sa Kanya, ngayong gabi.

65 Oh, ganoon na lamang ang Diyos na may kabatiran sa kung papaano gawin ang mga bagay-bagay, kung tayo lamang ay susunod. Huwag n'yong subukang pangunahan ang Diyos. Ang Diyos ang hayaan n'yong manguna sa inyo. Kita n'yo? Tayo dapat ang pinangungunahan. Sa palagay ko 'yun ang dahilan kung bakit ikinumpara tayo ng Diyos sa tupa.

66 Nakakita na ba kayo ng tupang naligaw? Aba, siya na ang pinaka walang kakayahan na nilalang sa buong mundo. Hindi niya kayang sumpungan kung saan ba siya dapat pupunta. Siya nga'y tumatayo lamang dun at umuunga hanggang sa kainin na siya ng lobo, o dili kaya'y mamamatay na siya roon. Hindi niya kayang sumpungan ang daan niya pabalik.

67 At ganoon din ito, na, kapag ang isang tao'y naliligaw, siya ay ganoon na lamang na walang kakayahan. Wala nga kayong magagawa sa bagay na 'yun. Ang Diyos, sa pamamagitan ng biyaya, ay kinakailangan ngang pangunahan kayo patungo kay Cristo. Sinabi ni Jesus, "Walang taong makalalapit sa Akin maliban na siya'y papalapitin ng Ama. At lahat ng Kanyang dalhin, at lalapit, pagkakalooban Ko siya ng walang hanggang Buhay." Grabeng pangako!

68 Oh, kung magagawa ko lang sana na ang bawat isa rito, na tumimo talaga ito nang husto hanggang sa ilalim ng ikalimang tadyang sa kaliwang bahagi, na tumimo talaga ito sa mismong kaibuturan ng puso. Makikita n'yo nga ang mga tao na tatayo, na pasan-pasan ang lahat na ng uri ng karamdaman, haya't sila'y magsisilakad palabas ng gusali rito, na nagbubunyi nang husto sa kagalakan, tinatanggihan ang karamdamang ito. Ang mga pilay ay magsisilakad na ng normal sa abot ng makakaya nila. Tatanggi nga sila sa anupamang bagay na iba rito. Kita n'yo?

69 Natatakot kayo. Natatakot kayo na gumawa ng pasimulang hakbang. Hinihintay n'yo ang Diyos na bumaba't hilahin kayo palabas. Hindi ganoon ang pamamaraan ng Diyos ng paggawa rito. Dapat ka ngang humakbang mismo. Ibinigay na Niya ang pangako, at ang sabi, "Halikayo," mangyaring sumunod kayo.

70 Ngayon pansinin n'yo ang mga anak ni Israel, siyanga. Ang Diyos ay dumating at tumayo sa pagitan nila at ng panganib;

kapangyarihan ng pagtutubos. . .pagtutubos sa pamamagitan ng kapangyarihan, pala. Pagtutubos sa pamamagitan ng dugo; pagtutubos sa pamamagitan ng kapangyarihan.

71 Kagabi huminto tayo sa kanila, na nagsisiahon na roon sa kabilang pampang, sa kabilang ibayo ng Dagat na Pula. Lahat ng kaaway, 'yung gulong ng mga karwahe nila ay nagkalasan. Nahintakutan ang mga kabayo ng kaaway, dun mismo sa gitna ng tubig, at nagsisiparoon sila sa kung saan-saang direksyon, nagpupunta sa direksyong *ito*, at 'yung mga gulong na sobrang napuputikan ay nagsikalas. At 'yung mga kalalakihan ay di nila malaman kung saan sila tatakbo, ito ngang mga kaaway. At ang Israel ay umaahon noon sa pampang, para makita ang Diyos na iniuunat ang Kanyang kamay at nililipol ang lahat ng kaaway.

72 Isang napaka gandang tipo, ng mananampalataya, sa ilalim ng Dugo; pinagaling mismo ng tagapamagitan, kinaawaan ang kanyang buhay ng kapangyarihan ng Diyos, pinahaba pa ito. Magagawa nga sana ng mga kaaway, na ang bawat isa dun, ay mapatay mismo; magagawa sanang puksain sila ng kaaway nang walang kalaban-laban sa ilang na 'yun, kung ang Diyos ay di tumayo sa pagitan nila. Ako nga'y patay na sana, matagal na panahon na ang nakararaan, kung ang Diyos ay di tumayo sa pagitan ko at ng kamatayan. Bawat mananampalataya rito ay patay na sana, matagal nang panahon ang nakararaan, kung ang Diyos ay di tumayo sa gitna n'yo at ng kamatayan; bawat isa sa inyo. Kaya naman, ang Diyos, sa Kataas-taasan Niyang biyaya't awa, ay tumayo sa pagitan ng mananampalataya at ng kamatayan. Hallelujah!

73 Heto nga ito. Mangyari ngang ano nang kasunod para sa mananampalataya? Ang kasunod na bagay ay ang bautismo ng Espiritu Santo. Pinangunahan ni Moises ang mga anak ni Israel sa Dagat na Pula, nabautismuhan sa Dagat na Pula. Ang dagat, ang tubig, sumisimbolo sa Espiritu. Nung paluin niya ang Bato, lumabas dito ang tubig. At ito nga'y tipo ni Cristo, sa Juan 3:16. "Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, na ang sino man na sa Kanya'y sumasampalataya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng Buhay na walang hanggan." Pansinin, isang bayang naghihingalo sa uhaw, sa ilang, iniligtas ng hinampas na Bato. At isang bayang naghihingalo ay naligtas ngayon (naghihingalo sa kasalanan, naghihingalo sa kasamaan) dahil ang hinampas na Anak ng Diyos ay humalili sa lugar nila; ang tubig, ang Espiritu, na umaagos!

74 Masdan, gusto kong makita n'yo ito ngayon, 'yung kanilang pagsulong dun sa Dagat na Pula, ay tipo ng pagtanggap sa Espiritu Santo. Matapos na matubos ang mananampalataya mula sa kamatayan, patungo sa Buhay; ang kapangyarihan ng Diyos ay pinagaling ang kanyang katawan; ngayon kandidato na siya sa bautismo ng Espiritu Santo. Ngayon may lakbayin

na nga siya, sa ibayo, sa harapan niya; pero, bago niya suungin ang paglalakbay na 'yun, kinakailangan niyang magkamit ng isang bagay na dadalhin niya roon. Amen. Ganap na tipo ng Pentecostes!

75 Pansinin, nung nagsiahon na sila roon sa may pampang. Bawat mananampalataya, kapag kayo'y lumapit na't naligtas, tinanggap na ang Dugo ni Jesus, may punto pa rin na kayo'y kumakapit pa rin sa *ganito* at kumakapit pa rin sa *ganoon*, at di n'yo mabitaw-bitawan *ito* at di n'yo mabitaw-bitawan *iyon*. Darating nga sa punto, na may ginagawang mabubuting bagay sa iyo ang Diyos; pero di n'yo mabitaw-bitawan ang sigarilyo n'yo, nakikipag-inuman pa rin kayo bilang pakikisama sa mga kasamahan n'yo paminsan-minsan. Pero ang kinakailangan n'yo ngang gawin ay tumawid sa Dagat na Pula.

76 Noong sila'y umahon na roon sa kabilang ibayo. Heto nga ito. Gusto ko ngang makita n'yo ito. Sa pag-ahon nila roon sa kabilang ibayo, umahon sa pampang at tumanaw sa likod, at nakita 'yung mga dating tagamando nila na sinasaktan sila't, pumatay pa nga ng ilan sa kanila noon. Gaya na lang ng kanser at sigarilyo at tabako at wiski at lahat na, nagbubunsod sa mga kabataan na maging baliw, naghahatid sa kanila sa pagamutan ng sakit sa pag-iisip, sa mga ospital, at lahat ng pagkanerbiyos at lahat na idinulot ng sanlibutan. Nung sila nga'y lumingon at nakita nila ang lahat ng mga bagay na 'yun na nagpupumiglas, walang kapangyarihan, at nagsisimatayan sa dagat. Kapatid, nababanggit n'yo na rin ang mabunying pagtitipon; sila nga'y nagdaos ng ganoon!

77 Si Moises! Oh, hahayaan kong tumimo muna ito sa inyo nang mas malalim pa. Umaasa ako na babaon talaga ito nang mas malalim-lalim. Si Moises, ang pinaka dakilang propeta na nabuhay kailanman, maliban kay Jesus Cristo. Wala ngang kahit sino pa mang iba na pinangusapan ng Diyos, na katulad ni Moises, maliban kay Cristo. Sinabi Niya, "Kung may sino man sa inyo na espirituwal, o propeta, sa kalagitnaan ninyo, Akin siyang pakikitaan ng mga pangitain at ihahayag ang Akin ngang Sarili sa kanya. Pero hindi sa lingkod Kong si Moises; Ako'y nangungusap sa kanya nang direktang bibig sa tainga." Ganoon nga.

78 Si Moises, itong kapita-pitagang lalaking ito. Nung siya'y makaalpas sa karanasang 'yun, na nakita niya ang lahat ng mga tagapagmandong 'yun na pawang patay na lahat, nabatid nga niya na ang lahat ng mga bagay na 'yun ay naglaho na magpakailanman. Lahat ng mga bagay na 'yun na nagpahirap sa kanila, at humampas sa kanila, at lumatigo sa kanila, ay pawang tapos nang lahat. Itinaas niya ang kanyang mga kamay at umawit sa Espiritu. Oh, grabe!

79 Walang papantay na anumang tipo, at di na magkakaroon pa, hanggang sa makadako na tayo roon sa Kaluwalhatian sa ibayo roon. Nung ang kalubusan ay nakumpleto roon, siya'y napaawit sa Espiritu. At kapag tayo'y natubos na sa ating katawan. . .

80 Tipo 'yun ng pagdating ng Espiritu Santo sa Pentecostes, nung tayo'y tumawid sa dagat. Tipo 'yun ng Pentecostes. At si Moises, sa anti-. . .sa tipo nung panahon na 'yun, nung siya'y makatawid na roon, siya nga'y napaawit sa Espiritu. Dumating 'yun sa Araw ng Pentecostes. At kapag ang katawan ay sakdal na, tinubos na. . .Ngayon ang kaluluwa natin ang tinubos na sa kasakdalan, tama, "hindi maaaring mapahamak; may Buhay na walang hanggan na." Yan ang sinasabi ng Biblia!

81 Oh, napaka sarap sa damdamin. Pansinin n'yo kung bakit. Dahil nalalaman ko na GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Iaangkla ko lamang ang aking kaluluwa roon, at susulong, at sasabihin, "Satanas, sige't bumulong-bulong ka lang, sa akin. Hindi n'yan ako maliligalig, dahil nakikilala ko kung Sino ang sinasampalatayanan ko, at lubos akong naniniwalang Siya'y makapag-iingat ng aking ipinagkatiwala sa Kanya hanggang sa Araw na yaon." Amen.

82 Ang kailangang-kailangan natin sa gabing ito ay isang mainam, na makalumang, Billy Sunday, talagang hahagulgol kung hahagulgol, na hallelujah rebaybal, 'yan ang kailangan natin dito sa buong Louisville. Siyanga, kailangan ng mainam, na makalumang, pinadala ng Diyos na pentecostal na rebaybal. Siyanga, po.

83 Pansinin, kapag, ang mga katawan nati'y natubos na. . . Na, haya't may Makalangit na kagalingan na tayo ngayon, bilang anino.

84 Kung papaanong anino 'yun noon ng Pentecostes, tingnan n'yo ang mga ginawa nila roon sa panahon na 'yun ng anino, ng kaligtasan. Tingnan n'yo kung papaanong nagsilakad sila sa harapan ng Diyos, "Nagsipatay ng. . .talim at ng. . .ng apoy, at nangakatanan sa talim ng tabak," lahat ng mga bagay na ito'y ginawa nila, "nakalabas sa nagliliyab na hurno; nakatakas mula sa kulungan ng leon, at lahat na," sa pamamagitan ng anino, hallelujah, sa pamamagitan ng anino ng Pentecostes.

85 Ngayon nagkamit na tayo ng ganap na katubusan sa pamamagitan ng Dugo ni Cristo. Hindi nga sila maaaring magkamit ng ganap na katubusan noon, dahil napapasailalim 'yun noon sa dugo ng mga baka't kambing, at di nun maaalis ang kasalanan; tinatakpan lang nun ang kasalanan. Pero nung mabubo ang Dugo ni Jesus, ang pinaka banal na Dugo, ang mga kasalanan ay di lang natatakpan; ang mga ito'y inihiwalay na't iwinaksi na talaga, at ang mananampalataya ay paparoon na sa Presensya ng kanyang Manlilikha. Hallelujah!

86 Kung nagawa nila ’yun noon, na isang anino roon, na si Moises ay napaawit sa Espiritu; haya’t, dito sa Apocalipsis, sila na nagkamit ng ganap na katubusan sa katawan, ay tumayo sa tabi ng dagat na bubog at nagsiawit ng awit ni Moises uli, doon sa Aklat ng Apocalipsis.

87 Nababanggit n’yo na nga lang ang isang—isang pagtitipon sa Espiritu Santo? Sila nga’y nagkaroon nun nung umahon sila sa pampang. Pakinggan n’yo, kapatid na babae. Ang munting mabunying si Miriam, na isang propetisa, na kapatid na babae ni Moises, isang propetisa, siya nga’y nagalak nang husto na kumuha siya ng tambereta at nagtatakbo roon sa pampang, kinakalampag ang tambereta na ito, at sumasayaw sa Espiritu. Hindi lang ’yun, haya’t ang lahat ng anak na babae ni Israel ay nagsisunod sa kanya, sumayaw din sa Espiritu. Kung hindi ’yan pagbuhos ng Espiritu Santo, wala pa akong nakitang isa kung ganoon. Aba, mangyaring, sila, lahat sila na maka-rituwal lang, na kapita-pitagang mga bansa na maaaring sumilip sa largabista nila’t nakita ’yun, haya’t kanilang nasabi, “Pagkapanatiko.” Ganoon nga. Pero Diyos ’yun. Siyanga!

88 Itong mga kapita-pitagang bagay ay napapatunghay nga, ngayon, sa kung anong pinagpala ng Diyos. Siyanga!

89 Naalala ko tuloy ang isang kuwento. May isang lalaki na may malaki’t malawak na magandang sakahan. Nagtayo siya ng malalaki’t malalawak na magagandang kamalig, talagang nakakabilib at primera klase talaga, pero siya nama’y tamad magsaka. Buweno. May isa pang magsasaka na nakatira lang sa malapit sa kanya; ’yung kamalig niya’y mahinang klase lang, pero siya’y isang tunay na magsasaka, at nakapaglagak siya ng napakaraming magagandang pagkain sa kamalig na ’yun nung taon na ’yun. At mangyaring may dalawang guyang baka ang ipinanganak doon, isa sa kamalig na isa at ’yung isa sa kabila. Nung dumating ang tagsibol, pinalabas nila ng kuwadra ang mumunting mga guyang baka na ’yun.

90 Yung munting guyang baka sa dako rito, siya nga’y hustong napapakain, grabe, kapag dinadampian siya ng hangin, oh, grabe, talagang napapapadyak siya ng kanyang sakong, at sige ang takbo niya, nang simbilis na makakaya niya; sumisinghal, at patalon-talon, at pasuwag-suwag, at sige ang ariba.

91 At pagkatapos itong tamad na magsasaka’y pinalabas niya naman ’yung sa kanya, sa kabilang dako. Yung guyang ito—’yung guyang ito ay wala nga siyang makain kundi mga damo lang; napakatamad kasing magsaka nung amo, napakatamad na pakainin siya.

92 Naiisip ko tuloy ang ilang mga pastor na ganito. Ganoon nga! Ganoon nga! Kay tatamad! Puro paglilimayon. At mga naggagandahang mga kamalig lang ang mayroon kayo. Dapat lagyan n’yo ’yan ng Pagkain para dun sa guya! Ganoon nga.

Ganoon nga. Ang bautismo ng Espiritu Santo, na ipinapangaral na may taglay-taglay na kapangyarihan, na talagang pinapaso sila nang husto. Ganoon nga. Pero ’yun ang kailangan nila, isang mainam na makalumang pagpapaso; ’yan ang kailangan ng iglesya, ’yan ang kailangan ng mga miyembro. Pansinin.

93 At itong munting kaawa-awang guyang baka’y mahinang-mahina. Kaawa-awang, munting nilalang sa paglabas niya ng kuwadra, napaka payat at di halos makalakad. At sumilip siya sa siwang ng bakod, at tumanaw.

94 At nakita niya ’yung isang guya na sumisinghal. Ang guya nga’y mataba talaga’t namimintog. Maganda ang pakiramdam nito. Siya kasi’y buong taglamig kumakain.

95 At ’yung patpatin, na gutom na guya’y tumanaw, ang sabi, “Grabeng pagkapanatiko!” Naku! Mangyaring, sa kapayatan niya ay ’yun lang ang maiisip niya.

96 Pero, sinasabi ko sa inyo, ’yung isa na ’yun na pinataba, nang buong taglamig, kapatid, alam niya ang kalagayan niya. Siya nga’y nagtatamasa ng maluwalhating panahon nung ’yung mainit-init na hangin ay umiihip sa kanya.

97 At sinumang tao na naipanganak sa Espiritu ng Diyos, siya nga’y tatawagin ng ilan na panatiko o anupamang iba. Pero kapag ang mainit, na tagsibol, na Espiritu Santong hangin ay nagsimulang dumating katulad nung ginawa Nito nung Araw ng Pentecostes, may bagay nga na mangyayari. Siyanga. Ang maiinit na hangin ay magsisimulang umihip; kapatid, kayong lahat ay pinataba ng Ebanghelyo, namimintog at maganda ang pakiramdam. Ipadyak n’yo ang inyong mga sakong at sadyang magtamasa ng maluwalhating panahon.

98 Ganoon ang ginawa ni Miriam at lahat sila dun. Tumanaw at nakita ang lahat ng lumang bagay na nagawa nila noon, na ngayon ay patay nang lahat at nawaglit na. Nakita nga nila ang pagtanggap ng Diyos sa dugo; nakita nila ang kapangyarihan Niya sa Makalangit na pagpapagaling, na tumayo sa gitna nila; tumawid sa Dagat na Pula, at nabautismuhan sa Espiritu; nagsilakad sa kabilang ibayo, na sadya ngang nagtatamasa ng maluwalhating panahon. Di nila alintana anuman. . . ang isip-isipin ng lahat ng mga organisasyon tungkol dito. Amen.

99 Tunay na ganap talagang tipo sa panahon ngayon, ng isang mananampalataya na buong-tapang na hahakbang.

100 Nangako ang Diyos na ilalaan Niya’t ibibigay ang bawat pangangailangan nila. Nangako Siya na ilalaan Niya’t ibibigay ang bawat pangangailangan natin. Di Niya sinabi sa kanilang, “Gagawa Ako ng daan para sa pagpapagaling; gagawa Ako ng daan para *rito*; gagawa Ako ng daan para *roon*.” Ang sabi Niya, “Ako’y sasainyo!” Hallelujah!

101 Yun mismo ang sinabi Niya sa atin. "Ako'y sasainyo, laging sumasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Yun lang ang sasabihin ko. Di n'yo na kailangang pangatwiranan pa *ito*, *iyon*, o ang *iba pa*. Yung pagiging narito Niya, sapat na 'yun sa akin; narito na rin kasi ang Makalangit na kagalingan, narito na ang Kapangyarihan. Lahat ng bagay kung ano Siya noon, ay Siya pa rin hanggang ngayon, "Si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman." Kaya, kapitan mo man ang teolohiya mong 'yan haya't malulunod kang kasama n'yan. Kapatid, ako'y nananampalataya na si Jesus Cristo ay siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman; ang sabi, "Ako'y sasainyo, laging sumasainyo, hanggang sa katapusan ng sanlibutan." Oo.

102 At doon nga'y umahon sila, at Siya'y sumasakanila. Ngayon ang sabi niya. . . Oh, may maliit na basket sila ng tinapay na dala-dala nila sa kanilang ulo; nakain nang lahat ang tinapay at ubos na. Wala nang natira. Nagsihiga sila sa higaan, medyo gutom nung gabing 'yun. Pero nung sumunod na umaga nung pagbangon nila, may mga tinapay na nakakalat sa lapag.

103 Ganoon nga ang pamamaraan ng Diyos ng pagagawa ng mga bagay-bagay; padadakuin muna kayo sa huling sandali, pagkatapos ipapakita sa inyo kung anong magagawa Niya sa bagay na 'yun. Ganoon nga. Gustung-gusto Niyang gawin 'yun. Gustung-gusto Niya. Gustung-gusto Niyang sinosorpresa ang Kanyang mga hirang.

104 Kayo na mga kalalakihan ay gustung-gusto n'yong gawin ang pamamaraan na 'yan sa inyong asawa. Hihintayin n'yo hanggang sa mismong kaarawan niya, para manabik siya nang manabik, dahil mahal n'yo siya.

105 Yan ang dahilan kung bakit hinahayaan ng Diyos na tayo'y dumako sa dulo ng daan paminsan-minsan, dahil iniibig Niya tayo at nagnanais na patunayan ang Kanyang sobrenatural at ang Kanyang kapangyarihan. Dahil iniibig Niya tayo, 'yan ang dahilan kung bakit ganyan ang paggawa Niya. Oo. Hinahayaan Niya tayong mapadako sa punto kung saan tayo'y handa nang humakbang ng huling hakbang, pagkatapos Siya'y hahakbang sa eksena.

106 Hinayaan Niyang ang mga binatilyong Hebreo ay lumakad mismo dun sa nagliliyab na hurno, pero may ikaapat ngang Lalaki roon na nakatayo na may pamaypay, itinataboy ang apoy na mapunta sa kanila. Kita n'yo? Siya'y laging naroon. Di Siya nang-iwan kahit kailan. Lagi Siyang nasa malapit. "Ang Anghel ng Panginoon ay humahantong sa buong palibot ng mga nangatatakot sa Kanya."

107 Doon nga, nung gabing 'yun, nung sumunod na umaga'y pinulot nila ang mga tinapay na 'yun. Nakikinita ko nga ang mga Israelita na 'yun na kakaalpas pa lang ng Dagat na Pula;

kakatubos pa lang noon ng dugo; sumaksi sa Kapangyarihan ng Diyos na nagpapagaling, o mapaghimalang Kapangyarihan ng Diyos na tumayo sa pagitan . . . at sa pagitan ng Israel at ng Egipto; at naglunod sa mga kaaway sa likuran nun.

108 Katulad na lang nitong dating kanser na magpakailanman nang nawaglit, pagkabulag ay nawaglit, pagkabingi'y nawaglit, diabetes ay nawaglit, ang lahat ay tapos nang nilunod doon sa Dugo ni Jesus Cristo. Ano ngang mararamdaman n'yo? Grabe!

109 Lalakad sa kalsada, at may kung sinong matandang kritiko ang magsasabi, "Ngayon sandali nga! Sigurado ka ba riyan?"

"Huwag mo akong kausapin." Amen. Oh, grabe!

110 Nakikinita ko nga sila roon, talagang husto sa pagpupulot at pagpupulot, at kumakain, at nagtatamasa ng maluwalhating panahon. Katulad sa isang makalumang, pagtitipon sa Espiritu Santo. Dito nga'y darating ang Espiritu ng Diyos na kumikilos sa isang munting banal, magtataas ng kamay; tatagos sa puso kagaya nun, at mapapasigaw, "Purihin ang Panginoon!" Para bang makalumang pagtitipon gaya nun. Siyanga, po. Sila nga'y nagsisisalo nito mula sa isang panig patungo sa isa pa, talagang nagtatamasa ng maluwalhating panahon.

111 Ngayon, ang tinapay na 'yun ay di tumigil. Naroon 'yun sa haba ng kanilang paglalakbay, kasa-kasama nila. Tama. At isang ganap na tipo 'yun ng pentecostes na narito sa atin. Yun ay sa natural. Ang tinapay na 'yun ay di kailanman natigil. Nanatili 'yun na siya pa ring tinapay na 'yun, hanggang sa makapasok na sila sa lupang pangako. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Kayo na mga nagbabasa ng Biblia alam n'yo 'yan. At pagkatapos nung tayo . . .

112 Ang iglesya ay pinasinayaan sa Araw ng Pentecostes, nung ang mga mananampalataya ay naroon noon sa itaas dun. "At may dumating na isang ugong na gaya ng isang humahagibis na malakas na hangin, pinuno ang buong bahay na kanilang kinauupuan." Ang siya ring Espiritu Santo na bumuhos noon, ay bumubuhos mapasa hanggang ngayon. Bubuhos at bubuhos Ito mula sa panahong 'yun hanggang sa katapusan ng panahon. Patuloy Itong bubuhos. Ito ang tinapay natin. Sila noon ay pinakain ng natural na tinapay; tayo naman ay pinakakain ng espirituwal na tinapay.

113 Sinabi ni Jesus, "Ako ang Tinapay ng Buhay na nagbuhat mula sa Diyos, galing sa Langit."

114 Ang sabi nila, "Ang aming mga magulang ay nagsikain ng manna sa ilang, sa loob ng apatnapung taon."

Sabi Niya, "Sila'y, bawat isa'y, namatay." Siyanga, po.

115 "Pero ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking Dugo, ay may Buhay na walang hanggan, at siya'y Aking ibabangon sa huling mga araw. Ako ang Tinapay ng Buhay

na nagbuhat mula sa Diyos, galing sa Langit. Ang kumain ng Tinapay na ito, ay di na kailan mamamatay." Hayan nga. Sila nga'y nagtamo ng natural noon; tayo'y nagtamo ngayon ng espirituwal. Oh, hinding-hindi ko 'yan ipagpapalit sa anumang ibang bagay. Kahanga-hanga!

116 "Oh," sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, alam naming lahat na isa kang panatiko." Buweno, ako man ay alam ko, rin. Ako'y isang baliw kay Cristo. Sa kanino naman kayo baliw? Marahil sa diyablo kayo baliw. Buweno. Kaya, mas pipiliin ko pang maging baliw kay Cristo. Kayo rin hindi ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno.

117 Pansinin, heto ang isa pang bagay patungkol sa manna na 'yun. Nung kanila' yung tinikman, ang sabi nila, "Lasang pulot 'yun." Oo, matamis nga. Nakikinita ko nga sila na mga banal nung panahon na 'yun na natatakam talaga sa kanilang labi at kinakain 'yung lahat. Napaka inam nun.

118 *Ito* ba'y natikman n'yo na? *Ito'y* mainam, din. Sabi, "Inyong tikman at tingnan, mainam ang Panginoon. Ang lasa nito'y pulot sa bato." Palagi kong nababanggit ang katagang ito, maraming bases na. Na, nung si David ng sinaunang panahon, nang kanyang sabihin 'yun sa kanyang Awit, ang sabi, "Ang lasa nito'y pulot sa bato."

119 Si David, sa pagiging pastol niya, may sukbit-sukbit siya laging lalagyan, na dala-dala nila sa kanilang tagiliran, at lagi silang may dalang pulot dun. Ang mga matatandang pastol ay 'yun pa rin ang ginagawa, siyanga, sa—sa Palestina. At kapag ang kanilang—kanilang tupa na may sakit ay lumalala ang kalagayan, mangyaring, malalaman n'yo na lang, dudukot siya dun at kukuha ng kaunting pulot, at kukunin niya 'yun at ipapahid sa bato, sa isang batong apog. At gustung-gusto nung tupa ang pulot, kanya ngang didilaan ang pulot sa bato. At may kung anong bagay sa batong apog na nagpapagaling sa tupang 'yun na may sakit.

120 At sinasabi ko nga sa inyo, may buong lalagyan tayo na punung-puno ng pulot dito sa gabing ito, at ilalagay natin 'yun sa Bato, si Cristo Jesus. At kapag dinilaan 'yun ng tupang may sakit, kayo'y siguradong gagaling. Tama, basta't dilaan, dilaan, dilaan lang. At pagdila sa pulot na ito, aba, makakakuha ka rin ng ilang bahagi dun sa batong apog. Ganoong kasigurado sa anumang bagay. Ngayon, di natin 'yun ilalagay sa iglesya. Ilalagay natin 'yun kay Cristo, kung saan nga 'yun nabibilang. Tama. Dahil, binibilang kay Cristo ang kagalingan, amen, gaya ng iba pang pagpapalang katubusan. Pansinin.

121 At isa pang bagay. Nung nagsisimulang bumaba ang mga manna, si Aaron ay inatasan na lumabas at kumuha ng ilang omer na puno nun.

122 Ngayon, kung susubukan nilang magtago ng ilan nun para sa pangalawang araw, mapapanis 'yun. At 'yan nga ang laging nangyayari sa mga tao sa Espiritu Santo ngayong gabi. Iniisip-isip n'yo na, "Buweno, dalawampung taon ang nakararaan, nagkamit tayo ng napaka gandang mensahe. Nagtamasa tayo ng—nagtamasa tayo ng maluwalhating panahon." Ano naman ang kamit-kamit n'yo sa gabing ito? Yun ang problema. Sila . . .

123 Gabi-gabi ito bumababa. Hindi ito pumalyang bumaba ni minsan, sa—sa araw lamang ng Sabbath. Siyanga. At ngayon ipinapadala ito ng Diyos, nang panibago, gabi-gabi; sa araw-araw, sa oras-oras, ito'y dumarating.

124 Pansinin, itong mga omer na puno ng manna ay itinatago. Sinabi Niya, "Ngayon, tingnan n'yo, kapag kayo'y makadako na sa lupaing 'yun, at ang inyong mga anak ay magtatanong tungkol dito. . . " Sabi, "Bawat saserdote mula ngayon na tutungtong sa pagkasaserdote, matapos na mabigyan siya ng pahintulot na makadako roon sa dakong Banal, at iba pa, at maitalaga, na isang saserdote, mangyaring may karapatan na siya na pumasok at kumuha ng sangsubo ng orihinal na manna na bumaba roon sa pasimula." Yung pinaka unang bumaba noon, kanilang pinulot 'yun at isinilid sa isang omer, at itinago 'yun, at inilalaan lang 'yun sa pagkasaserdote.

125 Ngayon sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, ano ang itinitipo n'yan ngayon?"

126 Mangyari ngang, tayo ang pagkasaserdote. "Kayo'y isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang itinatangi, naghahandog ng espirituwal na mga hain sa Diyos, na ang mga bunga ng inyong mga labi ay nagpapahayag ng pasasalamat sa Kanyang Pangalan." Amen. Hayan nga. Ngayon, mangyaring, sa Araw ng Pentecostes, nung ang Espiritu Santo'y bumababa; ang ating manna.

127 Ngayon, bawat saserdote doon, sa ilalim ng Lumang Tipan, kapag sila'y dumadako na sa pagiging saserdote, alam nila na sila'y makakakuha ng sangsubo ng orihinal na manna; hindi kung anong ginawa lang, na ginawa lang ng tao na maging kamukha lang nun. Bagkus makakatanggap nga sila ng bahagi ng orihinal na 'yun.

128 Buweno, nung Araw ng Pentecostes, nung ang ating manna ay nagsimula nang bumaba, ang Espiritu Santo ay dumating na parang humahagibis na malakas na hangin. Heto nga ang isang grupo ng mga mabababa't, marangal na mga tao, sangdaan at dalawampu ang bilang, sa silid sa itaas; nakapinid ang mga pinto, nakababa ang mga bintana, nakaupo roon, naghihintay sa pangako. Tunay, nakasama nila si Jesus, siyanga. Batid nila ang Kanyang kapangyarihan, at lahat ng 'yun, pero sila nga'y naghihintay sa pangako.

129 Yan nga ang gusto natin sa gabing ito. Ang maging . . . Kung ang grupo lamang ng mga tao rito ay pipisan na nagkakaisa, gaya ng kalagayan nila nung gabing 'yun, ang siya ring bagay noon ay mauulit ngayong gabi, dito mismo sa gusaling ito, sa Louisville, Kentucky, na mauulit ang Araw ng Pentecostes. Siyanga. Oh, tunay, sila roon ay may ganito ring uri ng mga kritiko kagaya rito sa Lousiville. Pero, sila'y nagkapisang lahat sa isang lugar, nagkakaisa. At bigla na lang . . .

130 May lumitaw na ministro, at siya'y may liham, at inilagda nila ang kanilang mga pangalan at may kanang karapatan sa pakikisama, at pumasok sa pangsimbahang pakikisama? Yan marahil ang nangyayari ngayon, pero hindi 'yun ganoon noon. Ganyan ang ginagawa ngayon ng mga Protestante. Lalakad ang isang Katoliko sa may altar at makikibahagi sa una niyang komunyon; ilalabas ang kanyang dila, tatanggapin ang ostiya; at iinumin ng pari ang alak. Pagkatapos siya'y magiging ganun na raw.

131 Pero, kapatid, "Sa Araw ng Pentecostes, sila'y nagkapisan sa pagkakaisa, sa isang dako, pagkatapos dumating ang isang ugong mula sa Langit," walang pangangailam ang tao Roon, "gaya sa isang humahagibis na malakas na hangin. Pinuno ang buong bahay kung saan sila nakaupo." Ang Kapangyarihan ng Diyos ay tumama sa kanila! Sa mga lansangan sila nga'y nagsi punta, na ang pagkilos nila ay para bang baliw; gaya ng ginawa nila roon nung umahon sila sa Dagat na Pula. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nagsisigaw sila. Nagkakaingay sila. Sila'y patumba-tumba ang paglakad. Sila'y nauutal sa pagsasalita.

132 Sila, oh, sadyang nagkakaingay, kayo . . . hanggang sa 'yung mga tao dun, 'yung kagalang-galang na iglesya, ay tumayo roon sa gilid at nagsabi, "Ang mga taong ito'y lasing sa bagong alak."

133 Hallelujah! Tatawagin din lang n'yo akong "holy-roller," aba'y, simulan n'yo na ngayon kung ganoon. Siyanga.

134 Masdan, sila'y puno ng bagong Alak, tama 'yun, ng Alak na nagbuhat sa Diyos, galing sa Langit. Nakakita na ba kayo ng taong lasing? Siya nga'y may pagsuyo sa kahit sino, kita n'yo. Wala siyang pakialam. Ganoon nga ang isang tao kapag siya'y lasing sa Espiritu. Sinabi ng Biblia, "Huwag magpakalasing sa matapang na inumin, nang sobra, bagkus magpakalasing sa Espiritu." Ibinubunsod kayo ng Espiritu ng Diyos na maging lasing, na nakakalimutan n'yo ang lahat ng kaaway n'yo, at lahat. Sinuman ay may pagsuyo kayo. Wala siyang pakialam sinuman 'yang nasa palibot n'yo. Ikaw nga ang pinaka tampok na tao sa bansa sa oras na 'yan.

135 Di ko alintana kung ang katabi n'yo man, na nakaupo sa tabi n'yo, ay dumadalo sa isang kilalang iglesya; hayaan n'yo lang na bumaba sa inyo ang Espiritu Santo nang isang beses,

tingnan n'yo nga ang mangyayari. Humantong kayo sa hustong, talagang, babad kung babad na pagkalasing, makikita n'yo nga ang mangyayari. Sasabihin n'yo, "Kapatid, natanggap ko Ito! Nanaisin mo nga rin Ito, siyanga!" Ganoon nga. Siyanga, po, may kung anong bagay na mangyayari.

136 Hayun nga sila roon, lahat sila'y lasing sa bagong Alak. At, pakinggan n'yo, sa ilan sa mga kapatid na babae rito, alam n'yo ba na ang pinagpalang birheng Maria ay naroon din? Ngayon, kinakailangan nga niyang mapadako mismo roon. Maging ang sinasabing nanay ni Jesus Cristo ay kinakailangang mapadako roon at mapabilang sa grupo ng mga tao roon, malasing nang husto sa Espiritu hanggang sa siya'y magpatumba-tumba sa paglakad na para bang lasing siya sa wiski o anuman.

137 At iniisip n'yo na kayo'y mapupunta ng Langit sa pagpunta lang sa simbahan at kilik-kilik n'yo ang aklat ng himno n'yo sa ilalim ng braso n'yo, at pupunta sa dakong 'yun kada Linggo ng umaga, at sa pagtunog ng kampana, at uupo at makikinig sa kaunting . . . at uuwi pagkatapos? Hindi n'yo magagawa.

138 Kinakailangan n'yong dumaan sa rutang 'yun, dahil 'yun lang ang tanging ruta na inilatag ng Diyos noon, at kailanman. At lalakaran at lalakaran n'yo 'yun, o hindi kayo makakadako Roon. Hindi ako ang tagahatol n'yo, ako'y tagapangaral lamang ng Ebanghelyo. Yan po ang saktong Katotohanan. Maging ang pinagpalang birhen ay naroon noon, kumilos na parang baliw gaya ng iba pa sa kanila roon, na mistulang lasing gaya ng iba pa sa kanila. Ang mga kalalakihan at kababaihang ito, bawat isa sa kanila, ay puno ng bagong Alak. Kung ang Diyos nga'y binago ang programang ito, ituro n'yo ng daliri sa Kasulatan sa akin; pero wala nga. Wala, nga. Ito'y tumugaygay hanggang sa katapusan ng kapanahunan, sa gawing ito, dire-diretso sa dulo ng Biblia, at ito'y mananatiling ganito sa pagparito ni Jesus.

139 Masdan! Habang sila'y lasing sa bagong Alak na 'yun, masdan, makikita natin kung ang Diyos ay naglagay ng omer na puno nito para sa inyong lahat. Siyanga.

140 Heto nga silang lahat na nakatayo roon, at isang maliit na matandang duwag na mangangaral na nagngangalang Pedro, ang "maliit na bato," na naduduwag sa kanyang posisyon na anupa't ipinagkanulo niya si Jesus, at tumakbong palayo noon at nanalangin, at siya nga'y pumisan doon kasama ng iba pa. Tumindig sa ibabaw ng isang kahon o ano, nagsabi, "Aba, kayo na kalalakihan ng Judea, at kayo na nananahan sa Jerusalem!" Yung mga doktor, mga D.D. Oh, sabi, "Kayong kalalakihan na . . . at kalalakihan ng Israel, at mga nananahan sa Jerusalem, at iba pa, mangaalaman nawa ninyong lahat. Ang mga ito'y di lasing, gaya ng inyong inaakala, yamang ngayo'y oras na ikatlo pa lamang ng araw. Datapuwat ito yaong . . . "

141 Kung di ito Iyon, nais ko ngang panatilihin ito hanggang sa Iyon ay dumating. Yun nga ang mahalaga.

142 Sinabi Niya, "Ito yaong sinalita na sa pamamagitan ng propeta Joel, 'Mangyari sa mga huling araw, sabi ng Diyos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman; ang inyong mga anak na lalaki at inyong mga anak na babae ay magsisi propesiya; at sa Aking mga lingkod na babae at lingkod na lalaki ay ibubuhos Ko ang Aking Espiritu, at sila'y magsisipag propesiya; at magpapakita Ako ng mga tanda sa Langit sa itaas, at sa lupa; at mga haliging apoy, at usok, at singaw; at mangyayari, na bago dumating ang dakila't kakila-kilabot na araw ng Panginoon, ang sinumang tumawag sa Pangalan ng Panginoon ay maliligtas.'"

143 Yung grupo ng mapagpanggap, na naka-mahahabang balabal, na mga ipokritong saserdote, ang sabi, "Anong gagawin namin para maligtas?"

144 Ang sabi ni Pedro, "Mangagsisi kayo, bawat isa sa inyo, at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo sa kapatawaran ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo." Gaanong kahaba ang saklaw nito? "Sapagkat sa inyo ang pangako, at sa inyong mga anak, at sa kanila na nangasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos."

145 Kaya, ang bawat isa na magsisisi't mababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, at siya'y pagkakalooban ng Diyos ng bautismo ng Espiritu Santo, hindi lang kung anong bagay na kamukha ng unang manna ang matatanggap niya, bagkus, di lang basta sangsubo ng unang manna, bagkus makatatanggap siya ng isang punong puso ng siya ring Espiritu Santo.

146 Sasabihin n'yo marahil, "Bawasan mo nga ang tinig mo." Alam ko na napapalakas ako, pero di ko nga mapigilan ito. Pansinin, masdan. Hindi ko po kayo sinisigawan. Ang dating nga'y parang umaalingawngaw ako rito. Pero, oh, kung inyo lamang mararamdaman ang nararamdaman ko, maging kayo ay mapapalakas din ang boses, siyanga.

147 Pansinin, oh, isang punong puso ng orihinal na manna na bumaba nung simula; ang siya ring Espiritu Santo na bumaba noon, ay siya ring bumababa ngayon. At hanggang saan ang saklaw Nito't aabutin? "Sa inyo, at sa inyong mga anak, sa kanila man na nasa malayo," maging sa Louiville, Kentucky, "at maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos, ay tatanggap ng siya ring mismong bagay na natanggap natin dito."

148 Yun mismo ang sinabi Niya. Pinagpala 'yun ng Diyos. Siya mismo ang nangaral nun. Ibinunsod Ito ng Espiritu Santo; akin Itong natamo; 'yun na 'yun. Amen. Yun, 'yun nga'y sadyang mainam talaga para sa akin. Tinanggap ko Siya sa Kanyang

Salita; Kanya 'yung ginawa. Kung ninanais n'yo Ito, matatamo n'yo rin Ito, siyanga. Ganoon nga.

149 Kaya umalis na kayo sa—sa patay na kalagayang 'yan, at gumising na, at talagang yuyugyugin kayo nang paganoon at gigisingin talaga kayo. At sa bungad pa lang, sa pagtingin n'yo ay hayan ngang ang lahat ay mukhang iba na sa iyo. Yung tao na di mo kinakausap dati, magmamadali kang lapitan siya't kakausapin mo siya; siyanga, po, talagang magmamadali ka na kausapin siya, ganoon nga. Oh, lahat ng mga bagay na 'yun, 'yung mga lumang piyesa sa gulong ay ibabalik n'yo, at lahat ng. . . 'yung mga bagay na 'yun na kinuha n'yo noon nang palihim sa hotel isang beses. Yung lumang tuwalya pa nga'y pinambalot n'yo sa pilak na kubyertos na kinuha n'yo sa mesa; magmamadali ka nga, na ibalik 'yun. Tiyak 'yun. Siyanga, po. Ibubunsod ka Nito na maging bagong nilalang kay Cristo Jesus. Ngayon tingnan n'yo nga si Maria. Oh, grabe!

Bilisan na natin ito. Tutumbok na tayo.

150 Heto nga silang naglalakbay, sa kalaparan ng ilang ngayon, matapos ang makalumang pagtitipong 'yun. Ngayon sila'y nasa kanilang paglalakbay. Hindi ba't nakakapagtaka nga 'yun na sila'y pinangunahan papunta sa Ilang na 'yun ng Kasalanan, doon mismo sa ilang, doon mismo sa—sa bukal ng mapait na tubig? Maiisip n'yo ba 'yun na ang Diyos ay dinadala ang mga anak Niya, matapos na sila'y maligtas at mapuspos ng Espiritu Santo, doon sa mga bukal ng mapait na tubig? Tunay. Ninanais Niya na ipakita ang Kanyang pag-ibig muli sa kanila. Ganoon nga. Sila'y napunta roon.

151 Alam n'yo, kapag natamo n'yo ang Espiritu Santo, dadaan ka nga sa maraming balakid. "Marami ang kadalamhatian ng matuwid, ngunit inililigtas siya ng Diyos sa lahat ng 'yun." Ang Diyos nga'y dadalhin kayo sa ganoon, na kakaharap kayo sa ganoon, para maipakita Niya ang Kanyang kapangyarihan at Kanyang kabutihan.

152 Kagaya nga ng kuwento na narinig ko minsan tungkol sa pastol sa Jerusalem, na binabalian niya ng binti ang tupa niya. Sabi nila, "Aba, napaka lupit mo namang pastol. Bakit mo naman binabalian ng binti ang tupa?"

153 Sabi, "Buweno, hindi kasi siya kumikilos na iniibig niya ako. Kaya naisipan ko na balian siya ng binti, para mabigyan ko siya ng natatanging atensyon, at sa ganoon ay iibigin na niya ako mula noon."

154 Kung minsan nga'y inireratay kayo ng Diyos sa inyong likod, sa pamamagitan ng isang karamdaman, na sasabihin pa nga ng doktor na mamamatay na raw kayo. Ito'y para bigyan nga kayo ng Diyos ng munti't natatanging pagtrato para ibigin n'yo Siya nang mas higit pa. Ganoon nga.

Minsan ay sa agwa, minsan ay sa baha,
Minsan ay sa matinding pagsubok, ngunit sa
tuwina ay sa Dugo;
Pinangungunahan ni Jesus ang Iglesya Niya.

155 Ngayon, nung naparoon nga sila, at ang mga tubig ay mapait at di nila mainom, ang Diyos ay naglaan ng paraan. May maliit na matandang puno na umiimbay sa may pampang, pinutulan ’yun ni Moises at inihagis sa tubig, nabago ang buong kalagayan; naging mainam, matamis ang tubig.

156 Ngayon kung kayo nga’y hahantong sa isa sa mga mapapait n’yong tubig, o bagay na katulad nun, may puno, sa gabing ito, sa espirituwal na pananalita, na nakabayubay sa Golgota, o sa sanlibutan, sa gabing ito, na magpapatamis sa anumang mapait na tubig na kayo’y napangunahang mapunta. Ganoon nga. Patatamisin ng Kalbaryo ang anumang karanasan. Maraming beses na nagigipit tayo sa mahihirap na lugar, at iniisip natin kung papaano na. Kaya ipinipikit ko sa ganyang pagkakataon ang aking mga mata, at iniisip ko, “Sa ibayo ng Golgota, kung saan nagbubo ng dugo ang aking Manunubos at namatay para sa buhay ko,” pagkatapos nun ang pagsubok ko’y di na ganung kabigat. Aking isasantabi ’yun at susulong. Pinatatamis nito ito. Pinatatamis nito ang bawat karanasan na nararanasan ko. Lagi Niya itong pinatatamis, sa pagdako ko sa mga tubig ko ng Mara.

157 Ngayon, madaratnan natin sila dito ngayon sa may ilang, matapos ang lahat ng mga dakilang tanda’t kababalaghan. Ang rebaybal ay humupa na. At malalaman n’yo na lang, nung ang rebaybal ay humupa na, haya’t, nakalimutan na nilang lahat itong tungkol sa mga himala.

158 Hindi ba’t ganyan na ganyan ang mga tao ngayon? Limot na nila agad ang mga ginawa ng Diyos nung isang taon. Yung bagay na ginawa ng Diyos sa pagtitipon dito sa may mataas na paaralan, limot n’yo na agad ang lahat ng tungkol dito. Kita n’yo? Yung mga bagay na ginawa ng Diyos, limot natin agad.

159 Ngayon, pansinin, at dahil ’yan sa nagsimula kasi silang magtalo-talo sa isa’t isa, “Buweno, ako’y higit nga, hayan nga, isa kasi akong Methodist. Pinaka malaki ang simbahan namin.” “Isa akong Baptist, at sinasabi ko sa inyo ngayon, naniniwala kami sa Walang Hanggang seguridad, at natamo namin Ito. Lahat nga kayo ay walang ganitong doktrina, kung tutuusin.” Diyan nga kayo nasasadlak sa problema, at ang laan sa inyong tubig ay napuputol. Ganoon nga. Ganoon nga.

160 Doon nga, sa disyerto, nung namuhay ang taong ito dun sa ilang, nagsimula siyang bumulong-bulong, bumulong-bulong at panay ang reklamo. “Buweno, sinasabi ko sa inyo. Sinasabi ko sa inyo, nung ang matandang pastor na ’yun ay naparito, ang matandang mangangaral na ’yun na nangaral ng makalumang-panahon na relihiyon gaya n’yan, di ko—di ko alam kung tama

ba siya o hindi. Sinasabi ko sa inyo, kanyang—kanyang ginalit ang nanay ko, isang gabi, nung pag-uwi nang nanay ko. At sinasabi ko nga sa inyo, ang nanay ko'y nanggagalaiti nang husto, siyanga." Yun naman talaga ang dapat niyang marinig. Siyanga. "Oh, di ko na tuloy alam kung gusto ko pang makinig tungkol Doon, o hindi na." At doon nga'y napuputol na ang laan sana sa inyong tubig. Tama. Diyan nga kayo napapadpad sa disyerto.

161 Nagsimula silang magbulung-bulungan. Sabi nila, "Ang aming—aming kaluluwa ay nasusuya na sa walang kuwentang tinapay na ito." Matapos nilang iwan ang mga bawang at mga sibuyas ng Egipto, at nagsikain na ng pagkain ng Anghel, ay hayan pa rin silang panay ang reklamo. Hindi ba't ganyan na ganyan ang iglesya? Ngayon tumutugaygay na ako rito sa mga holiness people ngayon, kayong lahat; oo, lahat kayo. Kumain na ng pagkain ng Anghel, at pagkatapos sasabihin, "Sana nasa Egipto na lang uli kami, para kumuha pa ng mangilan-ngilang bawang."

162 "Si Clayton McMichen at ang kanyang Wildcats ay dadayo pa naman dito sa bahay-inuman ngayong gabi. Kung di sana ako umanib sa lumang simbahang ito, makakapunta sana ako roon." Kung ganyan ka ay magpunta ka na lang. Kung saan naroon kasi ang kayaman n'yo, naroon din ang puso n'yo. Wala naman talaga kayong nailagak na anuman dun sa simula't sapul. Tama. Tama. "Oh, gusto ko sanang gawin *ito*, o gawin *iyon*." Hayan nga kayo, panay ang reklamo.

163 Haya't nilisan na nila ang mapuputik na tubig ng Egipto, para uminom ng dalisay na mga tubig mula sa Bato ng Mga Kapanahunan, at panay pa rin ang reklamo nila tungkol Dito. Nilisan na nila ang dakong 'yun kung saan naroon ang mga sikat, hanggang yabang lang na mga manggagamot ng Egipto, mga sikat na hanggang yabang lang at lahat, para maparoon sa piling ng Dakilang Manggagamot mismo. Nilisan na nila ang dako kung saan sinasabi nila roon, "Ang mga araw ng himala ay nakaraan na," para makasama ang mga taong may kalakip na mga tanda't mga kababalaghan, at panay ang reklamo pa rin. Oh, naku! Siyanga, po. Doon nga sa dating dakong 'yun, hayan nga, ang mga taga-Egipto, sila'y malalamig na mga Gentil, na mapag walang bahala. Di sila naniniwala sa ganoong mga bagay gaya ng mga himala.

164 Hayan din, na nung sila'y nasa isang dako noon ay may Haliging Apoy pa nga sa palibot nila. Narito rin Ito sa atin sa gabing ito. Naroon nga sila sa dakong 'yun na nagtamasa pa nga sila ng kagalakan sa kampamento, nagbubunyi, may mga himalang ipinangyayari, at lahat na, at pagkatapos ay panay pa rin ang reklamo rito. Yan ang dahilan kung bakit natuyo ang tubig, 'yan ang dahilan kung bakit wala silang makain o mainom, ay dahil nga sa kanilang pagbubulung-bulungan.

165 At ’yan nga rin ang problema sa mga kaiglesyahan dito sa palibot ng Louisville, ngayong gabi; nagbubulung-bulungan, panay ang reklamo. Kahabagan! Magsibalik kayo sa pinaka hatakan. Ganoon nga.

166 “Sino ba kasi itong lalaking ito, na si Moises? Bakit nga ba tayo nakinig, nakinig dito sa holy-roller na mangangaral na ito, siyanga? Ano bang pinag gagagawa natin dito?” At ang laan sa kanilang tubig ay natuyo.

167 Nakikinita ko nga si Moises, isang dakilang lalaki. Inaralan siya ng lahat ng—ng karunungan ng mga taga-Egipto. Tingnan natin siya pansumandali. Talakayin natin si Moises, nang ilang minuto. Tingnan n’yo nga ang lalaking ito. Isa siyang . . .

168 Ang mga taga-Egipto, sila nga’y mas nakakaangat sa atin ngayon, pagdating sa siyensiya natin sa paggagamot. Sila’y lubos na angat sa atin. Marami silang nagagawa noon na di natin kaya ngayon.

169 At si Moises nga’y nasa kanya na ang lahat ng lunas. Hayan nga’t nung naroon siya, isipin n’yo, kasa-kasama ni Moises dun ang nasa dalawang milyong katao. May kasa-kasama siyang maliliit na bata. May kasa-kasama siya roong matatandang lalaki, matatandang babae. Kasama niya roon ang mga pilay, at mga bulag. May mga sanggol na ipinapanganak, libo-libo sila, sa loob lang ng sanglinggo. At si Moises, si Dr. Moises, siya’y naroon sa ilang kasa-kasama ang lahat ng mga taong ito. Gusto ko ngang silipin ang kahon niya ng panlunas, gusto n’yo rin hindi ba? Gusto kong makita kung anu-ano ang nakalagay dun ni Dr. Moises sa kahon niya ng panlunas. Silipin po natin ang kahon niya ng panlunas at tingnan kung anong mayroon siya roon.

170 “Moises, siyanga, ano ba ’yang mayroon ka riyan, Moises?” Haya’t, nakita natin na sa haba-haba ng apatnapung taon na lakbaying ’yun, lampas dalawang milyong dagdag na sanggol ang naipanganak. Siyanga. “Anong ginamit mo, Moises? Ano ’yang ginamit mo para sa lahat ng karamdaman at sakit at kanser, at pagkabulag, at pagkabingi, at pagkapipi? Diba nga’t, sinasabi pa nila sa akin, na nung makalabas na kayo mula sa ilang, wala ni isa sa kanila ang nanghihina.” Sabihin n’yo nga, hindi ba’t marami sa mga doktor na ’yun ang gustong sumilip dun, sa lalagyan ng panlunas na ’yun?

171 “At isa pa palang bagay, Moises, ano bang iwinisik mo dun sa mga tao, na ’yung mga kasuotan nga nila’y di man lang nasira? Yung mga panyapak nga nila’y di man lang napudpod, sa kalalakad sa mga batuhan.” Kung nakaparoon na kayo dun, malalaman n’yo kung anong itsura ng disyerto, pupudpurin nga nun ang pares ng sapatos sa loob lamang ng tatlong araw. At ni hindi nga sila natanggalan maski katiting na pirasong katad sa mga panyapak na ’yun, sa loob ng apatnapung taon. “Moises, ano ba ’yang nasa loob ng kahon ng lunas mo?”

172 Silipin nga natin ito. Nakikinita ko siya, "May isang reseta ako rito, 'Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo." Yun na 'yun. Amen.

173 May magsasabi, "Oh, Moises, ang tatay ko rito'y, natumba siya't nabalian ng binti. Anong meron ka riyan para sa kanya?"

174 "Sige't sisilipin ko muna't titingnan ko. 'Kung tatalima kayo sa Aking tinig, tutupdin ang lahat ng Aking iutos, wala Akong ilalagay na karamdaman sa inyo, na gaya ng inilagay sa mga taga-Egipto, dahil Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo.' Yun ang sabihin mo sa kanya." Siya nga'y gumaling. Amen. Ganoon nga.

"Oh, malubha ang kanyang sakit! Ang sanggol ko ay may colic, o pneumonia, napaka lubha! Dr. Moises, anong puwede kong gawin?"

175 "Sige't titingnan ko kung anong mayroon ako rito. 'Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo.'" Yun na 'yun. Amen. Sila nga'y sumulong na. Ganoon nga. Sumusulong, nagagalak. Yun mismo ang pinaka kailangan niya, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo."

176 Sa anim na raan at kung ilan pa, na maliliwanag na mga pangako ng Makalangit na pagpapagaling, sa Bagong Tipan pa lamang, at sa kabila nun ay kinukuwestiyon pa rin natin ang Diyos, sa gabing ito. Ano kayang itutumbas ng Paghatol sa atin n'yan ngayon? Siyanga.

177 "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo." Siyanga, po. Yun nga ang mayroon si Moises, ang mayroon si Dr. Moises sa kanyang prasko, sa kanyang. . .sa kahon niya ng lunas, ito ngang, "Ako ang Panginoon na nagpapagaling sa inyo." Kaya pinagaling Niya ang lahat ng mga karamdaman, at inalagaan silang mabuti, at itinawid sila sa kalaparan ng ilang, papunta sa lupang pangako. Oh, grabe!

178 Nilisan nila ang lahat ng mga sikat, na hanggang yabang lang na mga manggagamot doon, para makasama sa Dakilang Manggagamot na ito. Nilisan nila ang grupo ng mga tao roon na mga pormal, malamig, at mapagwalang bahala, na ang sabi pa nga, "Walang ganyang bagay na sinasabing mga himala." At heto nga mismo, isang Haliging Apoy ang nakapailanlang sa ibabaw nila. Ang mga tao'y nagsisigaling. Lahat, at anumang kailanganin nila, ay ipinagkakaloob mismo sa kanila, at sa kabila nun panay ang reklamo nila nung makarating sila sa tubig. Pero hayan nga't sa kataas-taasang biyaya ng Diyos, sa lahat ng 'yun . . .

179 Kagaya ng pagparito n'yo sa Louisville ngayong gabi, sa gitna ng lahat ng pangangalampag, "Ang mga araw ng himala ay nakaraan na. Pilit na sinusupil ng Medical Association ang Makalangit na pagpapagaling, sa buong bansa." Hinding-hindi n'yo ito masusupil. Kaya lubayan n'yo na 'yan ngayon. Mas

magagawa n'yo pa ngang pahintuin ang araw kaysa pahintuin ito. Siyanga.

180 Dito nga mga ilang taon na ang nakararaan, nung ako'y nagpapasimula pa noon sa Jeffersonville, ako'y nangangaral tungkol sa Makalangit na pagpapagaling. Hindi naririnig ang paksang 'yun, sa totoo lang, nang napaka raming taon. Napaka hirap. Pero, kapatid, ngayong gabi nasa milyon sila, sa iba't ibang dako, na humihibik para rito. Susubukan n'yong supilin ito? Hindi n'yo magagawa. "Ako ang Panginoon na nagtanim nito; Akin itong dinidiligan, araw at gabi, walang sinuman ang makabubunot nito sa Aking kamay."

181 Dito di pa katagalan, napansin ko minsan ang ilang maliliit na maya sa Estatwa ng Liberty. Nakaratay lang sila dun. Yung maliliit na mga ibong 'yun ay nakaratay lang sa buong paligid, sa ilalim nung ilaw. At sabi ko, "Anong nagbunsod dun?" sa kasamahan naming nagtratrabaho dun.

182 Sabi niya, "Iniumpog nila nang husto ang ulo nila riyan, kagabi, nung may bagyo. Napadaan sila riyan sa ilaw na 'yan, at ang ilaw na 'yan sana ang maglalagay sa kanila sa ligtas na lugar, pero pilit nilang sinusupil ang liwanag. At iniumpog nila nang husto ang ulo nila riyan, habang pilit nilang sinusupil ang liwanag para mawala."

183 Sabi ko, "Luwalhatiin ang Diyos!" Sa palagay ko naisip niya na nababaliw na yata ako. Sabi ko, "Naisip ko kasi riyan itong ilang mga tao na sinusubukang supilin itong Makalangit na pagpapagaling at ang Kapangyarihan ng pagkabuhay na maguli ni Jesus Cristo." Papahirapan n'yo lang ang sarili n'yo; di n'yo kasi 'yun magagawa. Mas mabuting tanggapin n'yo ito, at lumipad sa ligtas, sa pamamagitan nito. Ganoon nga. Amen.

184 "Magsalita ka sa bato, Moises," 'yun ang sinabi ng Diyos kay Moises, "at ibibigay nito ang kanyang tubig, padadaluyin nito ang Kanyang tubig."

185 Dito di pa katagalan, may pinagmamasdan akong larawan sa isang museo, patungkol sa batong ito na hinampas. At ang itsura nga nito'y para bang napakapayat na manipis na tubig na lumalabas, na kasing nipis lang ng karayom na panghabi. Naisip ko, "Minsan di mo rin maintindihan ang imahinasyon ng mga pintor na ito!" Aba, kapatid, masisimot ko nga 'yun hanggang sa matuyo kapag ganoon na lamang akong kauhaw. Siyanga, po.

186 Alam n'yo ba kung ilan ang dapat painumin ni Moises mula sa Batong 'yun? Siya'y may higit sa dalawang milyong katao, di pa kabilang ang lahat ng mga hayop. Aabot sa apatnapung libong galon kada minuto ang daloy, ng—ng maiinom, nila. Hallelujah!

187 Haya't naisip ko tuloy ang isang tao sa kanilang relihiyon. May sapat lang kayong relihiyon para makapunta sa Sunday

school tuwing Linggo ng umaga, na sapat lang para dampian nang kaunti at hamugan kayo nang kaunti.

188 Ang gusto ko nga'y maupo sa tabi ng Bukal kung saan ang tubig na lumalabas dun ay bumubulwak, hallelujah, sapat para dalhin ako sa Walang Hanggan. Hallelujah! Ako'y nagagalak na nakalipat na ako mula sa dating de hamog lang na lugar; at napadako sa mabukal na dako kung saan tuluy-tuloy lagi ang kanyang pagdaloy. Siyanga, po.

189 Ganoon na lamang na bitin na bitin ang relihiyon ng tao na anupa't ibubunsod sila nito na maging miserable. "Buweno, di ko kayang maupo rito nang sampung minuto. Naku, sobra naman, gaano bang kahaba ang pangangaral ng mangangaral na 'yan?" Haya't gaano bang kalalim ang inyong pagkaligtas? Siyanga.

190 Babangon ng Linggo ng umaga, at sasabihin, "Buweno, babangon ako at makikinig sa kung anong ipapangaral nila roon." At tatanggap lang ng kaunting dampi at uwi na, at 'yun lang ang tinatanggap n'yo.

191 Kapatid, sinasabi ko nga sa inyo, nung hampasin ni Moises ang Bato, tinubigan nun ang buong ilang. Amen. Siyanga, po. Yung pinaka bagay, lahat ng pangangailangan nila, lumusong sila dun at uminom, nang uminom, nang uminom hanggang sa sila'y mapuno nang lubos. Sa kabila nun, napakarami pa ring tubig ang lumalabas dun, halos nasa apatnapung libong galon kada minuto. Kuwentahin n'yo nga 'yun, sa napakaraming tao, isang milyong katao, dalawang milyong katao, kung gaanong karami ang naiinom sa isang minuto; mga uhaw na tao, di pa kabilang ang mga kamelyo, at mga hayop, at iba pang mayroon sila dun. At sinabi ng Biblia na, "Lumabas 'yun nang sagana." Talagang bumaha nang husto, sa buong ilang.

Sa ganito ngang paraan ipinagkakaloob ni Jesus Cristo ang Espiritu Santo.

192 Di lang basta kakaunti, na sasabihin, "Buweno, naniniwala akong ayos na 'yung magpupunta ako't aanib sa iglesya." Oh, naku! "Oh, di ko matiis ang ingay na 'yun. Kinikilabutan ako." Aba'y kapag namatay ka, maninigas ka hanggang mamatay kung pupunta ka sa Langit, dahil, kapatid, makakarinig ka dun ng maraming pagkakaingay sa pagtungo mo Roon. Ang sabi ng Biblia sila'y nagsisigawan dun ng "hallelujah," araw at gabi; buong araw, dahil wala na roong gabi. Hayan nga. Tiyak na mamamatay ka sa pagpunta mo roon sa Langit, sa ikalawang araw mo pa nga lang Doon. Siyanga, po. Buweno, nasanay ka kasing. . .ang ginagawa n'yo lang kasi, magtutungo kayo at madadampian lang, nang kaunti.

193 Bakit di kayo maupo sa tabi ng bukal, at hayaan n'yong bumuhos siya nang husto hanggang sa anurin kayo nang lubos papunta sa. . .hallelujah, sa kalagitnaan, na haya't iwawaglit

n'yo ang iyong sarili't di n'yo na iisipin kung nasaan man kayo. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Sa ganoon paraan n'yo dapat ito lasapin.

194 Dati lagi kong sinasabi sa tiyo ko, o sa tatay ko, "Tatay, nakakalangoy na ako," dito sa maliit na tubigan dito sa may Utica Pike.

195 Isang araw, pumuwesto ang tatay at naupo sa alkantarilya, sabi, "Gusto kong makita kang lumangoy." Yung munting tubigan ay mga *ganito* lang kalalim. Tumayo ako sa ibabaw ng kahon. Hinubad ko ang mga suot ko, at pinisil ko ang ilong ko nang *paganito*, at nagpalundag-lundag pa ako nang taas-baba sa ibabaw nung kahon. Sumalpok ako, nagliparan ang mga putik sa kung saan-saang dako, at nagsimula akong kumampay sa putikan.

Sabi ko, "Ano pong sa palagay mo, Tatay?"

196 Sabi, "Umahon ka nga riyan." Langoy ba 'yun? Paggapang sa putikan, baka 'yun pa.

197 Napakarami nga rin nating miyembro sa iglesya na mga gumagapang sa putikan, hayan nga. Ganoon nga. Ganoon nga, mga gumagapang sa putikan. Siyanga, po.

198 Isang araw, sinama ako ng tiyo ko sa isang bangka at ako'y naghahanda na roong lumangoy; dito sa Ilog ng Ohio, mga nasa dalawampung talampakan ang lalim ng tubig. Kinuha nga niya 'yung sagwan at itinulak ako sa tubig, sabi, "Ano na ngayon?" Amen. Hallelujah! Kinakailangan ko ngang lumangoy roon o malulunod ako, nang tuluyan. Oh, grabe!

199 Mabuti ngang masanay na tayo Rito ngayon. Dalhin kayo rito sa daraanan ng pagbulwak, kung saan bubuksan ng Diyos ang bato dito sa ilang at sadyang ibubuhos 'yun nang husto. "Magsalita ka sa Bato," ang sabi Niya, "at ibibigay niyaon ang Kanyang tubig."

200 Marahil, kaibigan ko, sa gabing ito, marahil paparam ka na dahil sa uhaw. Kinakailangan mong magsalita sa Bato. Tama.

201 Marahil kung saan-saan na kayo nagpunta. Marahil kayo'y nagpunta ng iglesya, at nakianib sa Methodist, at nakianib sa Baptist; at kinagalitan naman nila kayo, at nagpunta na lang sa Presbyterian; at bumalik sa mga Pentecostal, papunta uli sa Nazarene, hanggang sa Pilgrim Holiness. At sa kabila ng lahat ng 'yan ay wala pa rin kayong kaunawaan.

202 Magsalita lamang sa Bato, ngayong gabi. Sadyang. . .May pakikipag-ugnay ba kayo sa Kanya para makapangusap? Oo. Sinabi Niya, "Magsalita sa Bato, at ibibigay Niya ang Kanyang tubig." Ibibigay nito ang Kanyang tubig, kung magagawa n'yo lang na. . .Di n'yo Siya kailangang hampasin, pa. Magsalita lamang sa Kanya. Para bang malapit na pakikipag-ugnayan, magsalita kayo sa Kanya.

203 Marahil nanggaling kayo sa doktor. Marahil ginawa n'yo na lahat ang alam n'yong magagawa n'yo, para gumaling. Marahil nagawa n'yo nang lahat sa kakayahan n'yo, halos, at di pa rin kayo gumaling-galing. Lahat ng doktor, nagpunta na kayo sa lahat ng klinikang alam n'yo, at ang sinasabi ng doktor, "Sadya ngang... Wala nang anumang remedyo sa iyo." Bakit di n'yo kausapin ang Bato, sa gabing ito? Kanyang... May mga tubig Siya ng Buhay para sa inyo, kayo'y masaganang bibigyan ng Buhay.

204 Minsan may isang babae, sa Biblia, na ang pangalan ay Hagar. Naisip ko nga siya. At ako'y malapit nang magtapos dito; ang oras. May isang babae na nagngangalang Hagar, at may munting anak siya. Naglalakbay siya sa ilang noon, na may isang sisidlan lang ng tubig. Doon niya pinapakain ang munting anak, buong araw. Pero naubos na 'yung tubig, nung kalagitnaan na ng araw, at 'yung maliit na bata'y dumadaing at umiiyak. Yung mumunting labi nito ay tuyo at 'yung dila nito ay namamaga. Yung kaawa-awa't, nagmamalasakit na nanay, ano kaya ang puwede niyang gawin? Sinuyod na niya ang bawat maliliit na sulok na mapupuntahan niya, para maghanap ng tubig, pero wala siyang mahanap na tubig. Di niya kayang tiisin na makita ang kanyang anak na mamamatay na lang nang ganoon; kaya inilagay niya 'yun sa ilalim ng palumpong, at lumayo nang kaunti na kasing layo halos ng abot ng pana.

205 At lumuhod siya't nagsalita sa Bato. Nung magsalita siya sa Bato, isang Anghel ang sumagot at nagsabi, "Hagar, ano 'yang umaagos sa dakong 'yan?"

206 May karampatang balon sa dakong 'yun, na puno ng tubig, na hanggang ngayon ay nagbubukal pa rin ng tubig. Matapos ang halos apat na libong taon, bumubukal pa rin ito mapasa hanggang ngayon. Ang bukal na 'yun na ano ni Hagar... sa dakong 'yun, hayan nga, bumubukal pa rin hanggang ngayon. Siya'y nakipag-usap sa Bato, at ang Bato ay nagbigay ng tubig.

207 May mga binatilyong Hebreo na pinadako sa nagliliyab na hurno, isang araw, at nakipag-usap sila sa Bato. At ang Bato ay sumama sa kanila.

208 May isang babae mula sa Samaria, isang beses. Siya nga'y napanghihinaan ng loob. Isa siyang makasalanan, at napaka raming pabigat na dala-dala sa kanyang buhay, marahil. At siya nga'y ganoon na lamang na napanghihinaan nang husto. Nagpunta siya sa balon ni Jacob para maginhawaan, at siya'y babalik. Magpupunta siya sa balon ni Jacob, at babalik. At isang araw inilapag niya ang bangang pansalok niya, at tumayo roon, hinang-hina. At doon ay tumindig ang Bato, nakatayo sa tabi niya. Nagsalita siya sa Batong 'yun. Kanyang binigyan ang babae ng malaking pagbubukal sa kaluluwa nito. Tumakbo ang babae sa bayan. Hindi na siya bumalik, para sumalok pa. Nagkamit

na siya ng Buhay. Sabi niya, “Halikayo, tingnan n’yo ang isang Lalaki na sinaysay sa akin ang lahat ng nagawa ko. Hindi ba’t ito na ang Cristo?” Nagsalita siya sa Bato, at ibinigay ng Bato ang Kanyang tubig.

209 May abang babae dati na nasayang ang lahat ng kanyang salapi sa mga doktor, na mga peke, na kinuha ang lahat ng kanyang salapi. Di naman napahinto ang pagdurugo. Marahil isinangla niya ang kanyang sakahan, at marahil ibinenta ang lahat ng naroon. At nakaupo siya, naggagantsilyo isang araw, at nabalitaan niya ang tungkol sa Isa na papadaan sa dakong ’yun ng kalsada. Nagsalita siya sa Bato. Lumingon ang Bato at ang sabi, “Sinong humipo sa Akin?” Natapos ’yun nung siya’y magsalita sa Bato. Binigyan Niya ang babae ng pagbubukal ng Buhay, na nagpahinto sa pag-agas ng dugo. Nasugpo ang pag-agas, agad-agad.

210 May matandang bulag na pulubi na nakatayo sa isang gilid ng pader, isang araw, nanginginig sa lamig. Lahat ng mayroon siya ay wala na. At heto nga siya, at napaka miserable, at ang mga tao’y dumadaan-daan lang. May narinig siya na Isa na parating; ang sabi, “Ano ’yun?” At nagsalita siya sa Bato.

211 Gayong, ang mga kasamahan niya sa simbahan, sa paligid niya, ay sinusubukang pigilan siya, na sabi pa’y, “Di mo ’yan kailangan. Di mo ’yan matatamo. Layuan mo na lang. Huwag ka na lang umimik.”

212 Pero mas napahagulgol pa nga siya nang malakas, “Ikaw na anak ni David, Iyo akong kahabagan! Kahabagan ako!” At nagsalita siya sa Bato, at binigyan siya ng Bato ng pagbubukal, at ang mga mata niya’y nabuksan.

213 Ang siya ring Bato na naroon noon sa ilang ay narito na ngayon. Ibinubunsod Nito ang mga tao na magalak.

214 Isang araw, ang buong Jerusalem ay nakatayo roon para saksihan ang Makalangit na tagapagpagaling, isang holy-roller, na papasok noon sa bayan; may mangilan-ngilan na nakatayo roon, talagang napakalakas ng sigawan, “Hosana! Hosana, sa Kanya na dumarating sa Pangalan ng Panginoon!”

215 Yung mga mapagpanggap na kaanib ng iglesya ay naroon din suot-suot ang kanilang mahahabang balabal, dala-dala ang kanilang pagka-D.D.; haya’t ang sabi, “Patigilin Mo naman ang pagkakaingay nilang ’yan. Aba’y, abot na hanggang likod ko ang pangingilabot ko, at kung anu-ano pa. Patigilin Mo naman sila sa pagkakaingay nila.”

216 Ang sabi Niya, “Kung di sila iimik, ang mga bato’y sisigaw na lang bigla.” Ano ’yun? Ang mismong Bato na tinapyas mula sa bundok, nang di ginamitan ng kamay, ay dumarating doon, gumugulong papuntang Jerusalem. Ang mga maliliit na bato’y nagsisiinom mula Rito. “Magsalita lamang sa Bato, at ibibigay Nito ang Kanyang tubig.”

217 Kung kayo'y nangangailangan ng kaligtasan, ngayong gabi, magsalita lang kayo sa Bato. Ibibigay Nito ang Kanyang tubig. Kung kayo'y isang tumalikod sa pananampalataya, sa gabing ito; magsalita kayo sa Bato, ibibigay Nito ang Kanyang tubig. Kung naparito kayo, sa gabing ito, na haya't walang Cristo; sinubukan n'yo na ang bawat simbahan, sa buong bayan, para makasumpong ng kaligtasan; magsalita kayo sa Bato, ibibigay Nito ang Kanyang tubig. Sinasampalatayanan n'yo ba? Kung isa kayong tumalikod sa pananampalataya, napalayo sa Diyos, na iniisip n'yo na wala na kayong kapaga-pagasa; magsalita lamang sa Bato, at ibibigay Nito ang Kanyang tubig.

218 Sinasampalatayan n'yo ba 'yan, nang buong puso n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Nananampalataya ba kayo na ipagkakaloob ito ng Diyos? Nang buong puso n'yo, sinasampalatayanan n'yo ba ito? Hallelujah! Narito Siya mismo sa gabing ito.

219 Kung kayo'y may sakit, at nasubukan n'yo na ang lahat sa buong mundo. Sinusubukan n'yong mapasama sa pila para sa pananalangin, at di kayo makapila-pila para sa pananalangin. May prayer card naman kayo, at di naman natatawag. Kayo'y nakapunta na sa isang pagtitipon; nagpunta sa isa na namang pagtitipon. Pinahiran na kayo ng pastor. Napasama na kayo sa pila rito para sa pananalangin. Kung saan-saan na nga kayo nagpunta, at di pa rin kayo mapagaling-galing.

220 Bakit di n'yo kausapin ang Bato ngayon? Ibibigay Nito ang Kanyang tubig. Siyanga. Bakit di n'yo subukan Siya ni minsan? Pumasok kayo sa isang pakikipag-ugnay para makausap Siya, sa oras na ito mismo, habang narito Siya sa gusaling ito. Ang Kanyang Presensya ay narito mismo ngayon para pagalingin ang bawat isa sa inyo. Sinasampalatayanan ko ito. Batid ko ito, nang buong buong puso ko. Sumasampalataya ako. At may mga bagay nga na di ko nababatid, pero may mga bagay na tunay ngang nababatid ko. At batid ko na si Jesus Cristo, ang Anak ng buhay na Diyos, ay narito mismo.

221 Habang pinagsisikapan kong tumawag ng pagdulog sa altar ngayon, nang buong puso ko, may mga pangitain na nahahayag sa buong gusali ngayon—ngayon mismo. Oh, siyanga. Ang mga kapangyarihan ng Diyos ay narito mismo. Siyanga. Nakikita ko Siya na kumikilos dito. Ibinubunsod nito na mapadako ako mula sa isang dimensyon patungo sa isa pa, sa mismong oras na ito; dahil marami ang maysakit dito, at ang mga pananalangin n'yo ang nagpapabunsod dito; para patunayan ang Salita ng Diyos, na sinasabing Siya'y narito mismo para makausap, ngayong gabi, ang siya ring Bato na tumayo at napagkilala ang kanilang pag-iisip. Na nakita ang babaing 'yun, na inaagasan ng dugo, at ano pa. Siya nga'y narito ngayon. Kung magagawa n'yo lang na kausapin Siya, ibibigay Niya ang Kanyang tubig.

Sinasampalatayanan n'yo po ba 'yan nang buong puso n'yo? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

222 Anong binubulay mo, binibini? Na may . . . Diyan mismo sa gitna. Ngayon, wala ka ngang prayer card, diba? Yang binibini na may puting tela sa palibot ng leeg niya, na nakaupo riyan. May diabetes ka, hindi ba? Wala kang prayer card, diba? Di mo na kailangan ng prayer card. Sinasampalatayanan mo ba 'yan? Binubulay mo ba kung makakapangusap ka sa Bato? Inaasam mo bang makausap Siya, para sa iyong diabetes, sa oras na ito mismo? Tumayo ka sa iyong mga paa kung ganun. Tama ba? Sabihin mo lamang, "Tinatanggap ko ngayon si Jesus Cristo bilang tagapagpagaling ko," at dadalhin ka ng Diyos sa iyong tahanan at paiigihin ka. Magsalita lamang sa Bato. Pagpalain ka ng Diyos. Sige. Humayo ka't, magaling ka na.

223 Anong binubulay mo tungkol dito, sa nakaupo sa tabi niya, ginang? May pamamaga ka sa ugat sa iyong binti, hindi ba? Tama. Tumayo ka sa iyong paa. Hindi ba't ang asawa mong lalaki ang nakaupo riyan sa tabi mo? Tama po ba? May diabetes ka, rin, hindi ba? Hindi po ba't tama? Ipatong mo ang kamay mo sa asawa mong babae. Sige. Kayong dalawa ay nanggaling pa ng Illinois. Tama po ba? Ngayon bumalik kayo sa Illinois, na nakikipag-usap sa Bato, at lilisan ang karamdamang 'yan at di na babalik pa. Hallelujah!

224 Nababatid ko ang isang bagay, na ang Bato ay narito, ang Bato ng Mga Kapanahunan na hinampas doon sa ilang. Tama.

225 Ano po ang tingin mo tungkol dito, munting binibini riyan na may mga bulaklak sa sumbrero? Nakaupo ka riyan na may artritis, sinisikap mong gumaling diyan. Ikaw na lumingon at bumaling sa likuran, sumasampalataya ka ba nang buong puso mo na pagagalingin ka ng Diyos? Tumayo ka sa iyong paa, at ipadyak mo ang iyong mga paa nang taas-baba, at sabihin mo, "Wala na ang artritis," at mangyayari. Magsalita ka sa Bato, at ibibigay Niya . . .? . . .

226 Sinasabi ko nga sa inyo, si Jesus Cristo'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. Narito siya para ipangyari ang anumang . . .

227 Ano po ang tingin mo rito, binibini na nakaupo riyan, na nagsabi ng, "purihin ang Panginoon," may sakit na pambabae, na may suot, na parang luntiang balabal, na nakaupo riyan? Nananampalataya ka ba na pinagaling ka na ng Diyos? Tumayo ka, pansumandali; ikaw na nakaupo riyan. Sumasampalataya ka ba nang buong puso mo? May sakit ka na pambabae. Isa 'yang pamamaga na may nana. May maliit na tubo ka, parang daluyan na nakadugtong diyan. Hindi ba? Kung tama, itaas mo ang iyong kamay. Ano ang nagbubunsod sa akin na sabihin 'yan? Ang Bato 'yan na nagsasalita sa iyo. Magsalita ka bilang tugon sa Kanya, at maging magaling na. Hallelujah!

228 Oh, talagang gustung-gusto Niyang ihatid itong Kanyang mga pagpapahayag ng Kanyang kapangyarihan! At nakikita ko ang Anghel ng Diyos, ang siya ring Haliging Apoy na 'yun noon na sumusubaybay sa mga anak sa ilang, na kumikilos mismo sa gusali ngayon.

229 May hinahanap akong babae. Nananalangin siya. Nasaan ang babae? Nakatayo nga ang Anghel dito. Oo, isang munting ginang na nakatayo riyan, 'yung nakaupo sa pangalawa. Hindi, sa sarili niya. . . Tungkol nga sa isang lalaki, nakatayo. Isang asawang lasenggo na ipinapanalangin mo. Tama ba, ginang? Kung tama, tumayo ka riyan sa paa mo. Hindi ba't may asawa kang lasenggo na ipinapanalangin mo? Kung tama, itaas mo ang iyong kamay. Magsalita ka sa Bato, at hahanguin siya ng Diyos mula sa—mula sa bagay na 'yan.

230 Magagawang ipangyari ng Diyos ang kahit ano rito, kung inyo lamang gagawin 'yun. Sinasampalatayanan n'yo ba? Kayo ba'y may kaugnayan na sa Kanya para makapangusap? Kung mayroon na, tumayo kayo ngayon at magsalita sa Bato, at ang Bato'y, ibibigay ang tubig Nito. Maaari po bang tumayo?

231 Sinong nag-aasam sa Kanya para sa kaligtasan? Itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Ninanais kong dumating Siya rito sa aking puso." Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos, at ikaw, at ikaw, at ikaw. Oh, grabe! Siyanga, po.

232 Yang kanser na 'yan ay lumisan na sa iyo, kapatid ko. Wala na ito. Maaari ka nang makauwi't pinagaling ka na. Hallelujah! Totoo 'yan.

233 Lahat ng nagnanais na mapagaling, itaas n'yo ang inyong kamay, sabihin, "Panginoon, ako po'y nakikipag-usap sa Iyo. Ako'y nakikipag-usap sa Iyo." Ganoon nga.

234 Hayan na nga ito. Ginoo, nilisan ka na ng iyong sinus. Ika'y malaya na. Umuwi ka; sa Pangalan ni Jesus Cristo, magaling ka na.

235 Sinuman dito, na nagnanais masumpungan Siya ngayon, itaas n'yo lang ang inyong mga kamay at sabihin, "Salamat, Panginoon, sa pagpapagaling sa akin. Ako'y nakikipag-usap sa Iyo, sa Pangalan ni Jesus Cristo, na ako'y Iyong pinagaling na."

236 Oh Diyos, ng kahabagan, ipadala Mo ang kapangyarihan Mo ngayong gabi, na may kalakip na pahid ng Espiritu Santo, habang Siya'y narito sa gusaling ito ngayon, na lumaganap sa mga tagapakinig dito. At nawa'y papangyarihin ng Espiritu Santo ang bawat himala. Nawa'y wala nang matira ni isa man na maysakit o pilay sa gusaling ito ngayong gabi. Iyo nawang pagalingin ang bawat isa, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

*KATUBUSAN SA KALUBUSAN, SA GALAK* TAG54-0330
(Redemption In Completeness, In Joy)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Martes ng gabi, Marso 30, 1954 sa Church Of The Open Door sa Louisville, Kentucky, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2018 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org